Tomo XXXIV Bilang 1

Mayo - Hunyo 2009



Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Dito nagsimula ang lahat

Saan na kaya tumutungo ang uri ng pakikisangkot sa Ateneo?

MAGING MATA.

MAGING TANGLAW.

MAGING LAWIN.

Matanglawin

Magsulat. Gumuhit. Kumuha ng litrato. Maglapat.
Mag-organisa. Manalastas. Magdisenyo ng website.

June 22-26 | 9am-5pm | MVP Roofdeck

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral
ng Pamantasang Ateneo de Manila

Hermund Rosales, BS Ch-MSE '10
PUNONG PATNUGOT

Victoria Camille Tulad, AB Com '10
KATUWANG NA PATNUGOT

Danna Patricia Aduna, BS CS '10
NANGANGASIWANG PATNUGOT

Leah Capili, AB MEc '10
TAGAPAMAHALA NG PANDAYAN

Rico Esteban, BS CoE '12
TAGAPAMAHALA NG PANANALASTAS

Victoria Camille Tulad, AB Com '10
PATNUGOT NG SULATIN AT SALIKSIKAN

Julz Riddle, AB Com '10
PATNUGOT NG SINING

Dylan Kemuel Valerio, BS CS- '11
PATNUGOT NG LAPATAN

Gerald Pascua, BS Ch '11 ACS '12
Tresa Valenton, BS PSY '11
MGA PATNUGOT NG WEB

Danna Patricia Aduna, BS CS '10
PANGKALAHATANG KALIHIM

Kevin Eric Santos, BS HSc '10
INGAT-YAMAN

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot:
Karen Mae Cruz, Robee Ilagan

Karlo Abril, Jill Adona, Carl Austria, Paul Allado,
Camille Barredo, Kjean Elnar, Neil Mañibo,
Carmel Mendoza, Alfie Peña, Raian Razal, Elroy Rendor,
Miguel Rivera, Ness Roque

SINING
Katuwang na Patnugot:
Jeudi Garibay

Nikka Anatalio, Michael Cabauatan, Bernard Chang,
Martin Dimalanta, Jake Dolosa, Lala Lim, Ramil Ramirez,
Patrizhia Reyes, Trixia Wong, Jean Yuzon

LAPATAN
Miles Domingo, Jonats Gonzales,
Josef Go-Oco, Olivia Hung

WEB
Elvis Chua, Joanne Galang, Jenno Galigato,
Ian Gamara, Hansley Juliano, Robin Perez

PANDAYAN
Mika Aldaba, Mariel Delfin, Marlon Ibabao,
Kathrina Koa, Moreen Naputo, Antonette Roxas,
Joseph Reyes, Timmy Salomon, Trisha Sandoval

PANANALASTAS
Katuwang na Tagapamahala:
Frances Pabilane

Nathan Envase, Kim Magtoto, Mary Ched Malig,
Minotzka Matias, Jaime Motus, Alyanna Narciza

TAGAPAMAGITAN
Gary Devilles,
Kagawaran ng Filipino

LUPON NG MGA TAGAPAYO
Christine Bellen, Kagawaran ng Filipino
Chay Florentino Hofileña, Kagawaran ng Komunikasyon
Dr. Agustin Martin Rodriguez, Kagawaran ng Pilosopiya
Michael Ner Mariano, Kagawaran ng Pilosopiya
Edgar Calabia Samar, Kagawaran ng Filipino
Dr. Benjamin Tolosa, Kagawaran ng Agham Politikal

Sa gayon Magtaya

Masaklap. Iyan ang mainam na salitang makapaglalarawan sa kalagayan ng edukasyon sa Filipinas. Bagaman nananatiling optimistiko ang Kagawaran ng Edukasyon o DepEd sa aspektong ito, hindi maikakailang hindi ganap na naisasagawa ang kalinangan para sa mga estudyante at hindi naipagkakalob ang kanilang mga pangangailangan upang matuto.

Ayon sa panayam ng Philippine Daily Inquirer (PDI) nitong nakaraang ika-1 ng Hunyo kay Juan Miguel Luz, dating Undersecretary ng DepEd, wala pa ring ipinagbago ang kasalukuyang sistema ng edukasyon sa kalagayan nito sampung taon na ang nakararaan. Mataas pa rin ang bahagdan ng mga estudyanteng nasisipa at/o hindi na nakatutuloy pa sa pag-aaral.

Sa pag-aaral ng Philippine Human Development Network o PHDN ukol sa kalagayang pang-edukasyon sa taong 2008 – 2009, sa 100 batang pumapasok sa unang baitang, 58 lamang ang nakararating sa mataas na paaralan at 42 ang nakapagtatapos sa kolehiyo. Napakalayo nito sa Indonesia at Malaysia na nakaaabot sa 99% at 95% ang mga nakapagtatapos.

Bagaman patuloy na tumataas ang pondo para sa edukasyon, nananatiling huli pa rin ang Filipinas kung ihahambing sa Singapore, Korea, Taiwan at Indonesia. Higit na mataas pa nga sana ang halagang dapat mapunta sa DepEd sapagkat ayon sa ulat ng PHDN, labis ang bilang ng mga Undersecretary at Assistant Secretary sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan. Ayon dito, 222 opisyal ng pamahaalan ang pinasusuweldo gayong 131 lamang ang itinatakda sa batas. Limampu't walong milyong piso umano ang labis na ibinabayad ng pamahalaan, na maaari sanang mailaan pa sa edukasyon at iba pang programang panlipunan.

Nagkaroon na ng mga programang panreporma ang DepEd upang matugunan ang naturang "krisis". Madalas, isinasagawa ito sa tulong ng mga dayuhan, isang indikasyon na hindi kaya ng pamahalaang suportahan ang edukasyon sa bansa. Manapay wala pa ring malakihang pagbabagong nangyayari sa sistema. Kung susuriin pa, dulot ng utang na loob na tinatanaw sa itinutulong ng mga dayuhan, nagagawa nilang idikta ang marapat na estruktura ng edukasyon sa bansa.

Gayundin, hindi umano magbabago ang uri ng edukasyon sa bansa dumating man ang 2015 na siyang takdang taon ng Gobal Millenium Goals ng administrasyong Arroyo.

Tinatayang 22.4 milyong estudyante ang papasok ngayong taong pang-akademiko. Ilan lamang kaya sa kanila ang makatutuloy sa pag-aaral?

Sa ganitong konteksto nakikita ang kahalagahan ng pagtataguyod sa kasanayan sa serbisyong pangkamuwangan ng National Secondary Training Program (NSTP-LTS) sa Ateneo. Gayumpaman, nasasayang ang nasabing programa sa hindi wastong implementasyon at sa mga mag-aaral na hindi nakikita ang pangangailangan nito.

Sa gayong pagkakataon, maaring maiugat ang naturang atitud sa nangyayaring kalakaran sa Pamantasan, na sa kabila ng krisis sa edukasyon, naroon pa rin ang mataas na pagmamatrikula rito. Sa tuwiran man o di-tuwirang paraan, nalilikha tuloy rito ang pag-iisip na isang pribilehiyo ang edukasyon, sa halip na isang karapatang natatamasa ng lahat.

Tanawin at Tunguhin ng Matanglawin

Tanawin *ng* Matanglawin

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang *Matanglawin* ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang *Matanglawin*, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang *Matanglawin* ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangwkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

Tunguhin *ng* Matanglawin

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1 MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan – katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2 BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan – kabilang na ang kritisismo – ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3 HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4 TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5 ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6 PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7 IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pagibig na napapatupad ng katarungan.

Tungkol sa Pabalat



Likhang-sining ni Julz Riddle

Ika-27 ng Nobyembre 1968 nang limang mag-aaral ng Ateneo ang naghain ng manifestong *Down from the Hill* sa *The Guidon*. Kinabilangan sila nina Jose Alcuaz, Gerardo Esguerra, Eman Lacaba, Leonardo Montemayor, at Alfredo Salanga.

Itinampok doon ang pagkondena sa kawalang kabuluhan ng Ateneo sa panahong iyon ng katiwalian at diskriminasyon. Hindi umano nito nagagampanan ang pagtataguyod sa kapakanan ng aping sektor, bagkus nagbibigay-serbisyo pa sa mapang-aping kapangyarihan ng elitismo. Nanahan sa kanilang panawagan ang pagkakaroon ng radikal na pagbabago sa uri ng pakikisangkot ng Ateneo.

Makalipas ang 40 taon at talamak pa rin ang kawalang katarungan, saan humantong ang nasabing pagkilos?

Mainam na suriin ang kasalukuyang praktika ng Ateneo tungo sa panlipunang pagbabago, sa pagtingin sa kabuluhan nito sa mga mag-aaral at sa masa. Kung hindi, unti-unting naaagnas ang kulay ng nasabing pagpapasimuno sa pagkilos. Mananatiling nakababad ang karamihan sa mga Atenista sa malaalapaap na lunan ng kariwasaan, habang panaka-naka lamang ang nagtatangkang bumaba sa burol at makiisa sa naghihirap na madla.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 508-7955, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201–202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa *www.matanglawin.org* o magpadala ng e-mail sa *pamunuan@matanglawin.org*.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Pilipinas (CEGP).

Mga Nilalaman

TOMO XXXIV, BILANG 1, TAONG 2009

Kilatista

14 | Pumoporma para sa reporma Mga paraan ng pagsuyo ng iba't ibang pangkat pangreporma

Sigaw ng Bayan

20 | Ang halimaw ng Bataan Plantang Nukleyar: Tugon sa kakulangan o bangungot sa kaligtasan?

24 | Engganyo sa pagkakadugtong-dugtong Kainaman at kabuktutan sa sistema ng networking

Mata sa Mata

26 | Malakihang pagbabago Pamamaraang makabago ni Juana Change

Pitik Putak

29 | Taong-grasa Mga indibidwal na naiiba o iniiba sa lipunan?



likhang-sining ni Julz Riddle

TAMPOK NA ISTORYA

8 | Pagtatalaga ng praktika
Iba-ibang perspektiba ukol sa InTACT, NSTP, JEeP at Pabaon

IBA PANG BAHAGI

4 Opinyon: Balisang Balisong; Bugnuting Bata; Bugtong, Bugtong
18 Talim ng Balintataw
32 Dugong Bughaw: Si Tracy at ang reipikasyon sa Ateneo
34 Tinalupang Tupa
35 Bagwis: Felipe; Rehas; May Pihitan ang Tao I; matapos ng pawis, pait
37 'Tenista nga



Kulang Pa

Balisang Balisong



Hermund Rosales
hrosales@matanglawin.org

Mainam na may pagpapahalaga tayo sa kapaligiran, manapay mas mainam kung masusugan din ito ng Ateneo sa pagbibigay-tuon din sa mas politikal pang mga isyu.

Sa isang klase ng Agham Politikal, pinatayo ang limang mag-aaral upang ilatag ang kanilang plataporma sakaling lalahok sila sa halalang pampanguluhan sa 2010.

Wika ng isa: "Pagagandahin ko ang Filipinas. Isasakatuparan ko ang eradikasyon ng mga Aeta."

Isa naman ang nagsabing: "Itataguyod ko ang pagpapalaki ng tubo."

Nagpahayag naman ang tatlo pa ng mga platapormang aasahan mong laman ng pananalita ng karaniwang mga politiko.

Nakabibigla ang sagot ng nauna, nahiwatigan kong mananalo ang ikalawa sa lakas ng hiyawan para roon, at binantayan ko kung may susuporta pa rin sa isa sa tatlong natira, na para umano sa "pabahay, edukasyon at karapatang-pantao." Binigyang-diin iyon ng guro bilang plataporma ng tradisyonal na politiko.

Nanguna ang "para sa kita", pumangalawa ang lilipol sa mga katutubo, walang gaanong bumoto sa nagpakatrapo.

* * *

Nang mabatid ko ang tungkol sa pagkamatay ni Renato "Ka Rene" Peñas, isa sa nanguna sa laban ng mga taga-Sumilao at ng Pambansang Kilusan ng Samahang Magsasaka (Pakisama), isa sa sinabihan ko ang kinakitaan ng marami sa amin na may marubdob na pagsuporta sa mga magsasaka, partikular na sa mga taga-Calatagan. Doon ang immersion niya. Isinatesis pa nga niya iyon.

Hinintay ko ang kaniyang karaniwang tugon ng pag-aalala, ng paghihinaing. Wala siyang agarang tugon. Hanggang sa kinaumagahan, sinaad niya sa text: "Noong isang araw, Puerto Galera, ngayon naman Baguio."

* * *

Sa isang tagpo kung saan di-iilang Atenista (mga 47) ang nagtungo sa Kongreso upang suportahan ang Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (Carper), ilan sa kanila ang nag-usisa kung sino ang mga nagwewelga sa tarangkahan ng Batasan na may mga plakard at pulang banderang may pagtukoy sa Genuine Agrarian Reform Bill (Garb). Isa pa sa aming kakilala na ang pagsuporta sa Carper ang sadya sa Kongreso ang napunta sa bahaging iyon. Aniya, "Akala ko doon ang sa Carper, may mga nananawagan din kasi ng repormang agraryo."

Ilan lamang sa mga naibahaging insidente ang nagpapakita sa kung anong uring pag-iisip mayroon ang ilan, o pangahas mang sabihin, *karamihan* sa mga Atenista. Masasabing mulat sila sa mga isyung panlipunan, nalilimitahan nga lamang ng ibang mga pag-iisip upang tunay na makibahagi sa pagkilos at makialam.

Una sa insidente ng kunwariang halalan. Malala na kung mag-isip ang bubura sa pag-iral ng mga Aeta, subalit mas malala pa ang mga sumuporta roon. Gayundin, lubos na nawili ang mga mag-aaral sa naturang klase sa Pangulong magpapalawig sa tubo ng mga negosyante, kaisipang sa unang pakiwari, mainam para sa ekonomiya. Subalit kung susuriin, magpapatalas lamang sa talim ng posibleng kapangahasan ng kapitalismo at sa pagpapaunlak nito sa kasanayan ng di-pagkakapantay-pantay. Kungsabagay, karaniwang pulso iyon ng nasa gitnang-uri: makapag-aral, sa gayon, kumita nang malaki sa hinaharap.

Waring nagpapahayag naman ang pangalawang insidente kung hanggang saan lamang ang pagtataya ng ilang mga Atenista. Naroon lamang ba ang gana sa pakikibabad sa marhinalisadong sektor kung nasa abot-tanaw ito ng aspektong pang-akademiko o dahil sa kahingian ito? Dito nawawalan ng saysay ang programang gaya ng NSTP, JEeP at immersion.

Sa ikatlong bahagi, inilalatag naman kung mulat sa ibang mga opsiyon ng pakikisangkot ang mga Atenistang sumasama sa pagkilos, sa mas malawak na konteksto ng ipinaglalaban, o dahil ba iyon ang tayo ng Pamantasan kaya iyon na rin ang kanilang paninindigan?

Mahirap ikahon ang indibidwal. Maraming salik ang nakaaapekto sa kaniyang pag-iiisip. Gayumpaman, nariyan pa rin ang posibilidad na nagkukulang din ang Ateneo sa sinop na mahulma ang mga mag-aaral upang maipamulat ang ideyal na pakikisangkot at makatwirang pag-iisip. Maigi rin kasing hindi lamang sa pagsusulong ng kapakanan ng kapaligiran ang higit na nabibigyang-tuon. Ayon nga kay Rene Raymond Rañeses, guro sa Agham Politikal, nakapagtatakang naiisip natin ang katapusan ng mundo kung pabaya tayo sa kapaligiran subalit hindi ang ibang bagay na mas politikal pa rito, gaya ng katapusan ng kapitalismo.

Sana hindi lamang hanggang sa pagninilay ang mga Atenista hinggil dito.

Pipigain Hangga't Kaya

Bugnuting Bata



Victoria Camille Tulad
vtulad@matanglawin.org

Paulit-ulit nang suliranin sa media ang diumano'y hindi patas na representasyon ng balita. Bagaman sinasabi nilang mananatili silang tapat sa kanilang tungkulin, marami pa ring pagkakataon na mistulang itinatatwa na nila ang etika ng kanilang propesyon masiguro lamang ang kalamangan sa bilang ng mga manonood

Nagsawa ako kina Katrina Halili at Hayden Kho. Araw-araw, sa mahigit isang linggo, sa flash report man o sa headline ng panggabing balita, silang dalawa ang nakita ko.

Mula sa pagiging pangunahing balita, nagkaroon ng sariling segment ang isyu nina Kho sa mga palabas na gaya ng TV Patrol at 24 Oras. Sa dami ng balita tungkol dito, sa dami ng anggulong sinipat, tiyak na inilaan ang kalahati ng mga naturang palabas upang pag-usapan ang bangayan ng dalawa.

Hindi ko isinasawalang-bahala ang insidenteng nangyari kay Katrina lalo nga't isa itong pag-alipusta sa mga kababaihan. Ang ikinaiinis ko, tinutukan ng media ang isyu na para bang ito na ang pinakamahalagang pangyayari sa bansa ng mga panahong iyon. Tuloy, hindi nabigyan ng karampatang pansin ang ibang mga balita na higit namang makabuluhan.

Tinalo ng hidwaang Halili at Kho ang balita sa pinag-isang partido ng LAKAS-KAMPI-CMD. Inungusan nito ang balita tungkol sa mga politikong tatakbo sa Pagkapangulo sa susunod na eleksiyon at ang mga hidwaang namumuo sa pagitan nila. Higit sa lahat, sinapawan nina Kho ang balita tungkol sa A(H1N1) virus. Naitala ang unang kaso ng H1N1 sa Filipinas noong ika-22 ng Mayo. Gaano man nakatatakot ang balita, naglaan lamang ang Philippine Daily Inquirer (PDI) ng maliit na espasyo para rito sa itaas na bahagi ng unang pahina. Ang pangunahing balita ng PDI—ang paglantad ni Katrina. At kasama ng balita, doon sa gitna ng pahayagan, ang malaking larawan ng umiiyak na aktres.

Sadyang mabenta nga yata talaga ang mga eskandalo sa mga Filipino. Nakahahanap tayo ng kasiyahan sa panonood ng mga ganitong bagay lalo na kung may kinalaman ito sa pagtatalik. Ang nakalulungkot, sinasamantala ng media ang mga balitang nakatatanggap ng ganitong klase ng atensiyon hangga't kaya nila para sa kapakanan ng ratings. Hindi sila titigil hangga't hindi nila napipiga ang lahat ng maaaring makuha mula sa istorya.

Isang halimbawa na nga ang nangyari kay Kris Aquino noong sinabi niyang binigyan siya ni Joey Marquez ng nakahahawang sakit. Pinagpiyestahan ng media ang eskandalo ngunit ang ABS-CBN ang pinakanabusog. Sapagkat artista nila ang taklesang si Kris, nagawa nilang eksklusibo ang lahat ng panayam sa kaniya. Dahil dito, hindi na nakapagtatakang sila ang nanguna sa ratings noong mga panahong iyon.

Makapangyarihan ang media. Hindi sila simpleng tagapagdala ng balita. Sila ang nagdidikta kung anong balita ang maririnig ng taumbayan at kung anong isyu ang patuloy na pag-uusapan. Dahil dito, malaki ang kanilang impluwensiya sa pag-iisip, o sa hindi pag-iisip ng mga tao sapagkat sa oras na hindi bigyan ng pansin ng media ang isang isyu, nawawala na rin ito sa kamalayan ng mga mamamayan.

Noong 2007, naglabas ng artikulo ang Matanglawin tungkol sa pakikipaglaban ng unyon ng mga manggagawa sa Cabuyao, Laguna, laban sa Nestlé. Hindi umano ibinibigay ng kompanya ang karampatang benepisyo ng mga empleyado. Sa kasagsagan ng pakikipaglaban, nasawi ang pinuno ng mga empleyado na si Diosdado "Ka Fort" Fortuna. Pinagbababaril siya nang minsang pauwi sa bahay.

Ayon kay Noel Sanchez, opisyal ng unyon, kinapanayam sila ng GMA-7 subalit hindi kailanman ipinalabas ang kanilang panayam. Hinala nila, natakot ang GMA na kalabanin ang Nestlé dahil malaki ang ibinabayad nito para sa mga patalastas. Siyam na taon na ang nakalilipas nang simulan ng mga nasabing manggagawa ang kanilang pakikipaglaban. Hindi pa rin nabibigyan ng hustisya ang pagkamatay ni Ka Fort. Hanggang ngayon, wala pa ring linaw ang kaso ng mga dating empleyado ng Nestle.

Malaki ang responsibilidad ng media. Walang pag-aalinlangan diyan. Sa kabilang banda, malaki rin ang tungkulin ng taumbayan. Hindi tama na tanggapin lamang nang tanggapin ang lahat ng impormasyon na isinusubo sa atin. Nararapat na maging mapanuri sa balita at aktibo sa pagsuri kung nagagampanan ba ng media nang maayos ang kanilang papel sa lipunan.

Sa kasalukuyan, mayroon pa ring mga balita tungkol kina Katrina at Hayden. Bagaman nasa showbiz news na lamang sila, hindi ko pa rin maiwasang ilipat ang aking pinapanood sa tuwing nakikita ko ang kanilang mga nakasasawang mukha.

Bugtong, Bugtong



Julz Riddle
jriddle@matanglawin.org

Sining sa Panahon ng iPod

Maging higit na bukas man ang paglikha para sa nakararami, hindi kailangang magbunga ito sa kawalang-pamantayan at bara-barang paggawa

Kung magbubukas ng spam sa e-mail o sisipat-sipatin ang mga org board sa 'EDSA walk' sa loob ng Ateneo, hindi mahirap makahanap ng mga gumagamit ng maliit na 'i' bago ang kung ano pa mang salitang may kaunting koneksyon sa gusto nilang iparating (iWalk, iRun, iEat, atbp.).

Sa tuwing makikita ko ang mga napakaorihinal at talagang pinag-isipang patalastas na iyon, hindi ko maiwasang mag-isip: may natatanging kahulugan at kabuluhan ba ang "i" na iyon sa nais nilang iparating? O sadya lang ba na nauubusan na tayo ng mga bagong ideya kaya tumitingin na lang tayo sa mga iPod natin at maiisipang makiuso?

Ganito din ang problema ng ilan sa mga nakasuot ng may nakaimprentang mukha ni Ninoy, Che Guevarra o Mao. Sa panahon ngayon ng mga logo at tatak, ilan pa nga ba ang mga makakikita ng isang disenyo, makalalampas sa agarang epekto nito sa kaniyang mga pandama at makaiisip kung ano ba ang ibig sabihin nito?

Iba na ang kahingian ng panahon ngayon sa larangan ng pananalastas. Nabubuhay tayo sa gitna ng libo-libong tatak, tag line at logo na naglalaban-laban para sa atensiyon at nagsusumikap na lumikha ng mga imahe at pakiramdam na makapagpapabili sa iyo ng kung anomang produkto (o presidente). Gagawin na ang lahat para mapukaw ang ating paigsi nang paigsing attention span. Hindi na sapat ang mga billboard at poster, kaya naglalabasan na rin ang mga higanteng telebisyon sa mga highway. Matagal nang hindi uso ang masalitang mga pahayag; punong-puno na tayo ng mga maiigsing kataga na madaling tandaan gaya ng "ako mismo" at "I am Ninoy", ano man ang ibig sabihin ng mga ito.

Maging ang paglikha ng sining ay naging pang-mabilisan na. Hindi naman ako tutol sa mga bagong kaparaanang digital gaya ng Photoshop o Painter; sa totoo lang, kahanga-hanga ang mga taong hasang-hasa na rito. Isa itong interesante at sopistikadong disiplina na nangangailangan ng husay at nagbubukas sa iba't ibang paraan ng pagpapayaman sa sining. Subalit dahil sa teknolohiya, naging posible na rin ang instant artworks gaya ng madaliang one click vector (na hindi nangangailangan ng paggamit ng IQ) at ang walang hanggang pagpaparami ng kopya ng isang likhang-sining.

Nawawalan na ng lugar ang mga dibuhista dahil mayroon nang mga makinang makalilikha ng disenyo sa loob ng limang minuto. Pati ang mga photo studio, nababawasan na ng gagawin; marami na ang nakalulusot bilang litratista dahil sa paglaganap ng mga kamerang mura na at nakapagpapadali pa upang maging mapalad na makakuha ng magagandang larawan.

Maaaring sabihin ng post-estrukturalismo na maigi itong ganito na wala nang mahigpit at nakasasakal na kumbensiyon. Malayang lumikha ang lahat.

At sino nga ba ang nagsabing dapat maging malalim ang likhang-sining? At bakit kailangang paggugulan ng maraming oras at pag-iisip ang pananalastas?

Hindi ko naman masasabing dalubhasa ako sa sining o pananalastas. Hindi ako nagpapakahurado na maaaring humusga sa sining ng henerasyong ito bilang mainam o mahina. Subalit masasabi kong lumilitaw sa mga produkto ng mga larangang ito, gaya ng mga nabanggit na, ang mga pagpapahalaga at katangian ng ating henerasyon.

Kung magpapatuloy man ang sining sa pagsabay sa bumibilis na paglipas ng panahon, at kung tatalima man ang mga alagad ng sining sa pangangatwiran ng kawalang-kumbensyon at malayang paglikha, huwag naman sanang humantong ito sa ikapupurol ng buong larangan.

Maging higit na bukas man ang paglikha para sa nakararami, hindi kailangang magbunga ito sa kawalang-pamantayan at bara-barang paggawa (gaya ng nakikita ng marami na kinapupuntahan ng maraming pelikulang 'Indie'). Maaaring hindi hayagan ang pagiging abot-kamay ng teknolohiya na barahin ang mga bagong ideya, bagkus magamit upang magbukas para sa ikatutuklas ng iba't ibang istilo at pamaraan.

Sana'y hindi tayo magpakalunod sa mga mapanlinlang at mababaw na imahe gaya ng iKunganuman at mga mukha ng mga lider na limot na sa diwa ng marami.

Matanglawin

TAONG PANG-AKADEMIKO 2008-2009


Gastusin	Halaga sa Piso
PUBLIKASYON	
Unang Regular na Isyu	170,550.00
Ikalawang Regular na Isyu	170,550.00
Ikatlong Regular na Isyu	170,550.00
Ikaapat na Regular na Isyu	170,550.00
Ikalimang Regular na Isyu	170,550.00
Ikaanim na Regular na Isyu	170,550.00
SUBTOTAL	1,023,300.00
PORMASYON	
Team Building Seminar/Training Seminar #1	2,367.00
Team Building Seminar/Training Seminar #2	704.00
Training Seminar ng Sulatin	928.00
Pangkalahatang Pagtitipon (Summer)	750.95
Pangkalahatang Pagtitipon (Unang Semestre)	1727.65
Huling Pangkalahatang Pagtitipon at Proklamasyon ng Bagong Pamunuan	615.00
Pampaskong Pagdiriwang	4,049.00
Midyear Evaluation Seminar	26,760.00
Year-end Evaluation Seminar	30,800.00
SUBTOTAL	68,701.60
MGA KAGANAPAN	
National Situationer #1	125.00
National Situationer #2	125.00
Talakayang Edukasyonal	251.00
SUBTOTAL	501.00
MGA NATATANGING PROYEKTO	
Rubdob	13,133.67
Hulagway	8,217.00
SUBTOTAL	21,350.67
PANANALASTAS	
Summer Recruitment	1,398.00
COP Recruitment Week	3,208.00
Hulagway	780.00
Rubdob	840.00
National Situationers	4,472.00
SUBTOTAL	10,698.00
PRODUKSYON	
Web domain	3,287.65
Transportasyon	7,119.00
Mga Tape	263.00
Mga Baterya	82.00
Mga Recorder (4)	4,442.00
Oil Pastel	84.75
USB drive 1GB	250.00
SUBTOTAL	15,528.40
TOTAL	1,140,079.67



Pagtatalaga sa praktika

Pagtalakay sa programang Inaf ng Ateneo

nina Hermund Rosales at Tresa Valenton
likhang-sining nina Nikka Anatalio at Trixia Wong
lapat ni Dylan Valerio



ISINUSULONG NG PAMANTASAN ANG ADHIKANG maging tao-para-sa-kapuwa, na maibahagi ang sarili sa pagtulong sa iba.

Sa ganitong tunguhin binuo ang Integrated Non-Academic Formation (Inaf) Program. Sa unang taon, nariyan ang Introduction to the Ateneo Culture and Traditions (InTACT), sa ikalawang taon ang National Service Training Program (NSTP), sa ikatlong taon ang Junior Engagement Program (JEeP) at sa ikaapat na taon ang Pabaon.

Ayon kay Dr. Ma. Assunta Cuyegkeng, Bise-Presidente ng mga Paaralang Loyola, layon ng InTACT ang "pagkamulat sa Panginoon at sa kapuwa", ng NSTP ang "pamamahala sa mga biyaya", ng JEeP ang "pakikisangkot sa daigdig" at ng Pabaon ang "integrasyon ng iba't ibang mga pagpapahalaga".

Naisasakatuparan ba ng nasabing mga programa ang mga layuning ito?

Pambungad: InTACT

Naisilang ang InTACT upang mabigyang-giya ang mga nasa unang taon, at matulungan sila sa kanilang pag-aaral. Mula rito, nakita na maaring gamitin ang nasabing programa upang ipakilala ang tunguhin ng Ateneo sa mga mag-aaral.

Ayon kay Cuyegkeng,"Kailangang buksan ang puso ng mga mag-aaral sa Panginoon." Dagdag pa niya, kasama sa nasabing programa, bagaman maliit na bahagi lamang ang bumubuo rito, ang pagkakaroon ng kamalayan ng mag-aaral ukol sa kaniyang kapuwa. Dito ipinakikilala ang diwa ng pagkakomunidad, na maari umanong mapausbong pa sa susunod na mga taon sa Ateneo.

Sa unang sabak ng programa, mayroong mga magkahalong reaksiyon ukol sa pangangailangan nito. Isang halimbawa rito si Roy Tolentino, guro sa Kagawaran ng Pilosopiya. "Noong nasa ikaapat taon ako, hindi ko naiintindihan kung bakit kailangan [ang InTACT]. Bilang facilitator, siguro kahit papaano naintindihan ko iyong pangangailangan dahil nga nakita ko iyong pagdating dito ng mga freshman parang napakawalan sa hawla… Sa henerasyon ko pataas, lahat naman kami noon ay nabuhay sa, kumbaga initsa kami sa tubig tapos bahala na kayo, matuto kayong lumangoy diyan. Iyon ang karanasan namin kaya siguro kailangan silang tulungan."

Para sa mga mag-aaral naman, mayroong mga aminadong natulungan sila, habang ang iba dismayado sa kinahinatnan ng programa.

Ayon kay Leontina*, "Natulungan ako ng InTACT na mag-adjust sa buhay-Maynila. Dahan-dahan nitong ipinakilala ang Ateneo sa akin, kasi dati ang ideya ko ng Ateneo, nag-eenglish iyong mga tao… Dati, hindi ko talaga alam na may social dimension ang mundo, dito ko nalaman na may ganoon pa lang kaisipan na nagtuturo talagang tumulong sa mga tao."

Sa kasalukuyan, dahil sa kaniyang paniniwala sa programa, tumutulong siya rito bilang facilitator.

Taliwas dito ang puna ni Melchor*. Aniya, "Mukhang Sunday school na lang ang InTACT ngayon, puro singing, parang GD [group dynamics] lang. Parang Orsem na pinahaba lang."

Sinusugan naman ito ni Pancho* na nagsabing maganda sana ang nosyon sa pagkakaroon ng nasabing programa subalit hindi niya nakita ang kapakinabangan ng naging mga gawain doon. Aniya, "Kunwari nasa InTACT ka, matapos mong malampasan iyon, parang walang kuwenta iyon. Bakit pa nagkaroon ng ganoon?"

Sa perspektiba naman ni Miguel Antonio Brion, V BS CH-MSE at Atenista na buhat pa sa primaryang edukasyon, tila umano naging mababaw lang ang InTACT. Maganda sana umano ang layunin subalit nagkaroon ng problema sa implementasyon nito sa pagpapamulat sa mga estudyante ukol sa tunay na pakikipagkapuwa. "Sa gaya ko, hindi naman sa pagmamayabang, na dumaan na sa ganoong proseso, kumbaga, parang alam ko na iyan e, parang paulit-ulit lang, na dumating sa puntong, ang babaw na lang," wika niya.

Para naman sa di-iilan, itinuturing nila ang programa bilang isang pagpipilit, isang kahingian na matutuhan pa ang isang bagay na kung tutuusin, dapat kusang matanto at hindi na ipinangangalandakan pa— ang InTACT bilang mapagdiktang programa, na idinaraan sa prosesong "brain washing".

Para kay Adrian Capuno, Coordinator ng InTACT, isang imbitasyon ang programa sa halip na pandidikta. Aniya. "[Una] Hindi iyon ipinipilit… Ipinipresenta [iyon] kung tatanggapin mo o hindi. Pangalawa, iyong formation na dadaaan doon, in as much as formation program iyon in experiences, naniniwala naman ako na lahat ng tao mahuhulma kung pipiliin niyang magpahulma, kung pipiliiin niyang tanggapin, kung paano niya titingnan iyong programa at epekto nito sa kaniya."

Naniniwala rin umano si Capuno, na kahit Atenista ka na sa simula pa lamang ng pag-aaral, malaki pa ring transisyon ang pagtungo sa kolehiyo kaya kailangan pa rin ang paggabay.

Tinitingnan naman ni Capuno bilang bahagi ng dulog na sistematiko at deliberatibo ang nosyon ng iba na itinuturing ang InTACT bilang isang kahingian. "Kung gusto nating may matutunan talaga iyong mga estudyante, kung gusto nating makita talaga iyong kultura, kailangan pa rin talagang mag-set ng system. Kailangan pa rin ilagay iyon in place. Hindi siya dapat tingnan as a requirement but more of a natural process that they have to go through."

Kung titingnan ninyo, nagbago ang tugon [ng pakikisangkot], pero hindi nagbago ang misyon [para sa pagbabago]

– Dr. Cuyegkeng


Ramil Ramirez

Maaring sipatin ang programa bilang isang uring indoktrinasyon ng Pamantasan sa kaniyang mga mag-aaral. Para kay Rene Raymond Rañeses, guro sa Kagawaran ng Agham Politikal, mahalaga ang InTACT sapagkat kung magsusulong aniya ang Ateneo ng sarili niyang bersiyon ng politika, kailangan niyang mababad ang mga estudyante sa ganoong sistema.

Maiuugnay umano ang InTACT sa pagtataguyod ng karakteristikong hegemoniya ng politika. Binigyang-diin din ni Rañeses na dito marapat na pumasok ang Katolikong uri ng pakikibaka. Sa ganitong pananaw, higit pa iyong sa Katolikong uri ng aktibismo, naroon ang pag-unawa na may implikasyon at bahagi ang mga suliraning panlipunan sa pagpapakatao.

Pagpapausbong at integrasyon: NSTP, JEeP at Pabaon

Nasa mga programang ito ang pagtatangkang ipaunawa sa mga mag-aaral ang uri ng pamumuhay sa labas ng Ateneo. Layunin nito ang pagpapalawak ng kamalayan ng mga mag-aaral at tuloy pagkamulat nila sa mga suliraning panlipunan.

Gaya ng ibang mga programa, kinakikitaan din ang mga ito ng mga kahinaan. Ani Raul Socrates Banzuela, guro sa Kagawaran ng Araling Pangkaunlaran, "Baka kulang. baka napaka-safe naman ng lahat [ng iyon]. Hindi naman na-eengage ang students sa real political conflict."

Sinususugan naman ang ganitong kaisipan ni Rañeses, na kailangan umanong alisin ang pag-iisip na isang espasyo ang lipunan kung saan walang tunggalian, walang kapangyarihang nagaganap sapagkat aniya, kabaligtaran nito ang nangyayari.

Para sa ilang mag-aaral na gaya ni Anton*, nakikita niya ang kainaman ng ganitong mga programa sapagkat nabubura nito kahit paano ang isteryotipong hindi kayang makihalubilo ng mga Atenista sa mahihirap. Subalit ang problema umano rito, tila umano hindi nakokonsiderang nakararanas na ng ganoon sa kanilang pang-araw-araw na buhay ang ibang mag-aaral. "Paano naman iyong mga mag-aaral na kabilang na sa ganoong uri ng pamumuhay? Pasasabakin mo sila sa ganong karanasan na sa simula't sapul kinamulatan na nila. Pagkatapos, magninilay ang kapuwa nila Atenista, para bang pinamumukha lang talaga na magkaiba sila ng katayuan."

Hati naman ang pananaw ni Brion



Para kay Capuno, imbitasyon ang InTACT na tanggapin ang adbokasya ng Ateneo, hindi isang pandidikta.

ukol sa NSTP at JEeP. Hindi naging maganda ang naging karanasan niya sa NSTP kung saan nakasama siya sa pagtuturo sa Payatas. Dumarating umano sa punto na wala silang ginagawa sa erya dahil sa walang mga estudyante. Madalas din umano ang mga pagkakataong wala talagang nangyayaring pag-eerya. "Sa JEep naman, nahasa ako sa pakikisama sa katrabaho ko. Parang dumating nga sa punto na inilalagay mo na talaga iyong sarili mo sa kalagayan nila. Nabubuo iyong respeto mo sa kanila."

Para kay Brion, nasasayang lamang iyong programang gaya ng JEeP para sa mga taong sarado ang pag-iisip at sa kawalan ng tamang implementasyon ng programa.

Sa kabilang banda, nariyan naman ang Pabaon sa ikaapat na taon. Dito, inaasahang magkaroon ng integrasyon ng mga natutuhang pagpapahalaga ang mga mag-aaral. Sapagkat hindi ganoon kataas ang intensidad sa gawaing ito, nariyan ang immersion, praxis at service learning bilang mga komplementaryong gawain.

"Sa immersion, pumupunta ang mga estudyante sa mga lugar na hindi nila kadalasang pinupuntahan at magbababad doon sa loob ng ilang araw, samantalang iyong praxis naman, tumatalakay sa kung paanong magagamit iyong mga pinag-aralan para sa ikabubuti ng komunidad," paliwanag ni Cuyegkeng.

Dagdag pa umano rito ang service learning na maaaring paghugutan ng mga Atenista ng ideya sa kung paano sila makatutulong bilang propesyonal.

Para kay Dr. Francis Gealogo ng Kagawaran ng Kasaysayan, isang pangangailangan ang NSTP, JEeP, immersion, o anomang programa na naglalayon ng pagbabagong panlipunan dahil sa realidad na malala ang kahirapan at nagpapatuloy ang katiwalian.

Naniniwala si Gealogo na mabuting mayroong ganitong mga programa, Gayumpaman, inilatag din niya ang katanungan kung kailangan ba ng institusyonal na paggabay na may implikasyon na iyon ang magbibigay hindi lamang ng patnubay kundi ng pakahulugan kung sino ang paglilingkuran at kung ano ang pamamaraang gagamitin sa pakikisangkot.

Aniya, hindi dapat naglilimita ang mga institusyonal na programa sa ibang inisyatiba. "Mayroon ding kawangis na layunin subalit iba ang paraan ng pagsasakatuparan… tinitingnan ko ang posibilidad na mapalawak ang kamalayan, mapukaw ang kamulatan, at maorganisa ang mga mag-aaral hindi sa pamamagitan lamang ng mga nasabing programa kundi sa aktuwal na pakikiisa ng mga mag-aaral sa masa mismo… nang hindi dahil sa kinakailangan ito upang makapagtapos ng isang degree, kundi dahil nakikita ng mga mag-aaral ang pangangailangang maglingkod."

Dagdag pa niya, mas magiging esensiyal ang programa kung ito ay boluntaryong isinasagawa ng mga mag-aaral. Dito natin umano makikita ang pamantasan bilang isang pamilihang bayan ng kapantasan.

Kontrobersiyal na kaso ng pagbabad

Kakaibang pagbabahagi ng karanasan sa immersion ang naganap nang maipakalat ang isang entri ng isang Atenista sa Facebook ukol sa kaniyang karanasan sa pakikisalamuha sa mga katutubong Aeta.

Tinitingnan ko ang posibilidad na maorganisa ang mga mag-aaral, hindi dahil sa pangangailangan ito upang makapagtapos ng isang degree kundi dahil nakikita nila ang pangangailangang maglingkod.
– Dr. Gealogo

Ibinahagi rito ang kaniyang mga negatibong puna at pandidiri sa mga katutubo. Kumalat iyon sa paraang hindi inasahan o binalak ng nasabing mag-aaral sapagkat sa mga kaibigan lamang sana niya laan ang entri.

Marami sa mga guro, estudyante at iba pang kawani ng Pamantasan ang nagalit sa nasabing entri. Lumihis ito sa kadalasang reaksiyong natatanggap ukol sa pagbabad— napagnilayan, maingat, may sensibilidad, o sa iba, may takot na ibagsak sa pag-uulat.

Para kay Rañeses, bahagi lamang iyon ng pagsisikap na magtayo ng isang hegemoniya. Kailangan umanong tanggapin na hindi kayang ikahon ang indibidwal, at naiugnay iyon ni Rañeses sa kagandahan ng demokratikong pagkilos.

Para naman kay Tolentino, responsibilidad ng isang tao ang kaniyang pag-iisip kaya naman hindi mo maaaring pagsabihan ang gaya ng nasabing mag-aaral. Ani Tolentino, tungkulin ng isang mag-aaral ang pagdanas sa kung anoman ang nakita niya sa erya. Kaya kung hindi niya nakita iyong punto na iyon, baka hindi pa niya nakikita ngayon at baka darating iyong araw na magigising siya na iyon pala ang dahilan kung bakit niya iyon pinagdaanan.

Sa pagsusuri pa ni Tolentino, maaari umanong ang nasabing atitud ng mag-aaral ang siya ring atitud ng iba pa, mangyaring ang naeskandalo lamang ang nagawang makapagbigkas noon –na baka nga hindi nila nakikita iyong punto ng immersion.

"Sa pagkakataong iyon, doon nagiging mahalaga ang guro, ang Osci (Office of Social Concern and Involvement), sa pagsalo doon sa naging karanasan. Kasi kung hindi mo nakita iyong punto, maaari ka nilang tulungan para makita iyong punto, na maproseso iyong nangyari sa'yo," wika ni Tolentino.

Naibahagi naman ni Ophalle Alzona ng Osci na nagsisilbing hamon para sa kaniya ang ganitong kaso. Aniya, "ang social formation [ay] pagtataya. So kumbaga, gagawin ko ang lahat pero hindi ko masisiguro sa iyo na mahuhubog kita into becoming a better person… I'll take it as a challenge. At hindi ko siya ikakahon sa pag-iisip na "ay wala na ito, paglabas nito ganito na ito."

Propesyonal-para-sa-kapuwa

Binibigyang depinisyon ang pagiging propesyonal-para-sa-kapuwa bilang akto ng paglinang ng kakayahang natutuhan sa kurso upang matulungan ang ibang tao. Nagsisilbi itong hamon sa pagtalima sa iyong kagustuhang magampanan ang propesyon kasabay ang pagsasaalang-alang na makatulong at maitaguyod ang kapakanan ng kapuwa.

Para kay Banzuela, kailangang sipatin ang implikasyon ng ganitong adhikain sa mga mag-aaral, kung natutulungan ba ng adbokasyang ito na magkaroon sila ng higit na malinaw na pananaw sa lipunan, kung saan patungo ang bansa at kung ano ang kanilang gampanin dito.

Naroon ang takot ni Banzuela na mula sa administrasyon pababa sa mga kaguruan, walang pagkakaisa sa konsepto ng itinataguyod na adbokasya. Kaya umano ang marami, kung hindi man lahat ng mga nagsipagtapos, nauuwi sa pag-iisip na maging mabuti lamang siya sa pagtupad sa kaniyang propesyon, nakatupad ka na sa nasabing adbokasya. Sa ganitong pangyayari, aniya, "pinananatili lamang ang status quo at sariling pamilya lamang ang isinusulong, pinayayayaman, at iyon na ang lahat."

Sa abot-tanaw ng sosyal at politikal na aktibismo

Mula sa mga nasabing programa, masasabing nasa katangian ng sosyal na aktibismo ang tuon ng Ateneo.



Napalitan na ang dating mga pagsama sa demonstrasyon, hayagang pagkuwestiyon sa katiwalian, pagkondena sa mga mapang-abusong korporasyon at pangingibabaw ng mga dayuhan, na karakteristiko naman ng politikal na aktibismo.

Naging mainam ba ang transisyong iyon?

Sa pagsusuri ni Gealogo, naniniwala siyang hindi dapat paghiwalayin ang dalawa sapagkat sa realidad, walang hanggahan kung ano ang sosyal at kung ano ang politikal. Aniya, ibinunga ng mga institusyonalisadong mga programa ang pangingibabaw ng isang inisyatiba. "Kinakailangan nating bigyang puwang ang iba't ibang inisyatiba na nagpapahayag sa paglilingkod, pagbabagong panlipunan na batay sa iba't ibang pamamaraang isinusulong ng iba't ibang organisasyon."

Para naman kay Alzona, naniniwala man siyang hindi hiwalay ang sosyal at politikal na aktibismo, nasa konteksto rin ang pagbibigay-tuon sa isa sa mga ito. "Nagkataon lang na with the structure of the university, mas nagpopokus tayo sa social activism... I think iyon 'yun given na Ateneo is a Catholic Jesuit institution."

Bilang isang formator, isinasaisip nilang ang mga estudyante ang kanilang kliyente. At sa pagtingin ng Osci sa demograpiya, "maaaring pumunta sa mga rally, pero paano kung bingi na ang sinisigawan mo, you have to supplement it with another action," pagbibigay-diin ni Alzona.

Nakita naman nina Cuyegkeng mula sa kanilang tagal ng paglilingkod sa Ateneo na nagbago na iyong pangangailangan ng bayan. "Ang aming tugon ay humanap ng paraan para siguro makita kung paano mabago iyong estruktura, ang sistema, kasi gumagalaw kami noon sa panahon ng martial law... kaya noon, iba iyong hinihinging tugon sa amin."

Ayon pa kay Cuyegkeng, maraming bagay ang hindi nasasagot ng mga inaakala nilang pagkilos tungo sa pagbabagong estruktural, na kahit na umano dumaan ang rebolusyon sa Edsa, nagkaroon ng parliyamentaryo, hindi pa rin natin naaabot iyong kinakailangang pagbabago. Doon aniya, nagkaroon ng pangangailangan sa isang transisyon. "Kung titingnan ninyo, nagbago ang tugon pero hindi nagbago ang misyon."

Sa kabila ng pagtatalaban ng mga nasabing ideolohiya, hindi nawawala ang pangangailangan sa mas malalim na pagsusuri sa uri ng pakikisangkot mayroon ang mga mag-aaral. Ani Rañeses, hindi basta nakatutulong na makagawa ng bahay sa ilalim ng programa ng Gawad Kalinga (GK), maaari nang ipagyabang na nakatulong na sa eradikasyon ng kahirapan. Kailangan din umano ang pagsibol ng politikal na kamalayan sa pamamagitan ng pagtatanong, halimbawa, kung bakit walang bahay ang mga taong kaniyang tinutulungan, na masasagot ng mismong estruktural na problema.

"Kung iyong NSTP, JEeP, hindi tumitigil sa pagmumulat at nauunawaan ng partisipante na konektado ang lahat ng ito sa estruktura, tama siya… Kasi may tendensiya na parang dito na lang tayo, huwag na tayong makisangkot sa pormal na political engagement. [Sa gayon] Hindi makikita na iyong formal political engagement ang magdedetermine ng social condition mo. Kailangan makita iyon."

Iniuugnay naman ni Banzuela ang naturang mga programa sa dalawang pananaw. Una, maaaring ituring na rebolusyonaryo ang paglulunsad nito. Subalit maaari ring ituring na kulang pa ang mga ito. Sa kasaysayan ng Ateneo bilang institusyon, hindi talaga nito isinusulong ang madalas na paglabas para sa mga demonstrasyon. Kaya naman itinuturing ni Banzuela na isang hamon sa mga organisasyong pang-mag-aaral ang pagtugon sa maaaring kakulangang ito, na unti-unting napupunan ng pagsama sa mga mobilisasyong tulad ng sa magsasakang Sumilao.

Ayon kay Raneses, kailangan umanong sumabak ang sosyal na aktibismo sa partisan politics. Aniya, "hangga't walang kaugnayan, patuloy na iiral iyong artipisyal na politika na wala namang nagagawa, nagiging autonomous masyado iyong political sphere kung dito ka na lang sa social activism."

Paternalistiko ba ang pagtulong?

Kaninong pagbabago ang tuon ng mga programa sa Inaf? Sa Atenista o sa pamayanang pinupuntahan?

Para kay Alzona, layunin ng mga programang ito ang paghubog sa Atenista. "Kasi paano ka makatutulong sa kapuwa kung kahit ikaw mismo, hindi kilala ang sarili mo." Sekondarya na umano ang pagbabago ng mga pamayanan, subalit umaasa siyang magiging magkaakibat ang progresong ito. Hindi umano maiiwasang matingnan bilang isang temporaryong pagtulong o "charitable work" ang mga programang ito ng Ateneo sapagkat wala pang konkretong bunga ang pagbalik ng mga mag-aaral sa erya.

Magkagayonman, nais bigyang-linaw ni Capuno na hindi isinasagawa ang pag-eerya ng mga Atenista upang ipakita kung gaano kalayo ang agwat nila sa mga pamayanan. Hindi umano pumupunta ang mga mag-aaral upang magdala ng relief goods. Nandoon ang Atenista upang "tingnan kung ano ang nangyayari sa buhay nila. Tapos danasin. Doon manggagaling ang pagkamulat."


Ramil Ramirez



Ramil Ramirez

Itinuturing ni Alzona ang social formation bilang pagtataya. Isang hamon sa kaniya ang maipamulat iyon sa mga Atenista.

Ayon kay Rañeses, masusuring nasa gitnang uri ang pinaglilingkurang kliyente ng Ateneo. "Ang pag-iisip niyan, pumunta sa kolehiyo para makapagtapos, para makapagtrabaho. Kung ito iyong kliyente mo, parang hindi ata akma na ibobombard mo sila ng serbisyong men for others."

Kaya naman nakikita mula rito ni Rañeses ang kahalagahan ng mga programa ng NSTP o JEeP sa nibel ng pagmumulat sa realidad. Subalit aniya, hindi nagtatapos ang lahat ng pagmumulat. Dagdag pa niya, kailangang ang karanasan sa immersion, maikonekta sa mga malawakang estruktural na problema ng bansa.

Pagkaobheto ng mga suheto

Sa mga eryang maaring kasangkutan ng mga Atenista, hindi maitatangging may ilang komunidad ang nagtuturing bilang mababaw na pakikialam o pakikiusyoso lamang ang layon ng mga programang ito; o na sila'y waring mga obheto ng pag-aaral.

Ani Tolentino, kailangang alam ng Atenista kung bakit siya naroon sa programang iyon, at kung anong nakikita niyang idudulot sa kaniya nito. Sa gayon, sakaling may hindi makaunawa sa programa, maipaliliwanag niya iyon nang maayos.

Naniniwala si Banzuela na higit na nakararami ang positibo ang pagtanggap sa mga programa. Naniniwala siyang batid ng kapuwa na may papel din siyang hubugin ang mga Atenista.

Para naman kay Rañeses, kailangang mabatid ng mga mag-aaral na hindi neutral ang mga impormasyong nakukuha sa pakikisalamuha. Iyong pagpasok pa lamang umano sa komunidad, mayroon nang dinaanang proseso ng pagsasala ng kaalaman. Kaya naman kailangan umanong maging sensitibo sa pagsasalaysay sa karanasan. Aniya, mas mainam na tanungin kung ano ang naramdaman mo habang nakikihalubilo roon at hindi kung ano ang iyong obserbasyon.

Mas malawak na konteksto

Hindi lamang Ateneo ang nagsasagawa ng nasabing uring pagkilos, bagkus ang iba ring Pamantasan.

Para kay Rañeses, bahagi lamang ang Ateneo sa malawakang galaw, ng yumayabong na global na diskursong neoliberal. "Siguro nakita rin ng unibersidad ang pagbabago sa demand. Ang mundo ngayon, increasingly bagot na, hindi na bukas sa pag-uusap na ideolohikal… Sa tingin ko bahagi ito ng pagtanggap ng Ateneo na wala na tayong magagawa sa kapitalismo, kailangan na lang nating baguhin siguro iyong moda ng kapitalismo, iyong diskurso ng kapitalismo, pero iyong mismong malawakang diskurso ng kapitalismo, wala na tayong magagawa roon."

Aminado naman si Cuyegkeng sa nasabing kaisipan. Aniya, "Ang problema natin ngayon, kultural na, ang mindset na ng nakakarami ay hindi na socialist, parang kahit na iyong pinakamahirap ay napakaconsumarist na ang tingin sa lipunan."

Sa ganitong usapin, muli't muling mahihiwatigang nasa abot-tanaw ng tunggalian ng mga ideolohiya ang uring pagkilos sa Ateneo.

Sa huli: Paghahamon

Naniniwala si Tolentino na bilang mga pangunahing kliyente, nararapat na sa mga mag-aaral manggaling ang tapat na pagtatanong at pagsasabi kung may agam-agam sila sa Inaf.

Ayon kay Banzuela, dapat umanong limiin ng Atenista kung nakatutulong ba sila, sa kanilang kinatatayuan sa ngayon, sa pag-aangat ng buhay ng pinakamahirap na tao sa lipunan, o ito'y lalong magpapahirap lamang sa kanila."

Sa mga nailatag na pagsusuri ukol sa mga nasabing programa sa Ateneo, masisipat ang pinakamahalagang tugon sa pinatutunguhan ng layunin: sa mga mag-aaral na inaasahang makisangkot para sa pagbabagong panlipunan, na malay sa marapat na tugon ng pagtulong sa kapuwa—pagtulong na may tunay na nagagawang pagbabago. At sa bawat pagtugon at pagkilos, nariyan ang ilan sa mga tanong na inilatag ni Rañeses: "Ano ang implikasyon nito? Bakit ako guilty? Gaano kalalim ang partisipasyon ko sa pag-iral ng inhustisya sa Filipinas?

Sa kasalukuyan, hindi iyon ang mga katanungan ng mga Atenista.

*itinago ang tunay na pangalan

Hindi basta nakatulong sa GK, makapagyayabang nang nakatulong sa eradikasyon ng kahirapan... Kailangan ang politikal na kamalayan, kung bakit wala silang bahay? Na masasagot ng estruktural na problema.

– Rañeses



Pumoporma Para sa Reporma

nina Elroy Rendor, Gerald Pascua at Victoria Tulad
lapat at sining ni Josef Go-Oco
kuha mula sa sxc.hu

Gaano katotoo ang mga kilusang naglalayon umano ng pagbabago?

KASABAY NG GIMIK NINA Mar Roxas, Manny Villar, Jejomar Binay, at iba pang mga politiko na isinusulong ang kanilang kandidatura ang biglaang paglabas din ng iba't ibang kilusan na naglalayong gawing maalam ang mga Filipino tungkol sa paparating na eleksiyon at maging mapanuri sila sa mga kandidatong nagsisimula nang ligawan ang kanilang boto. Nilalayon ng mga grupong ito na gawing malinis at epektibo ang halalan, isang bagay na naging mailap sa bansa sa mga nakaraang taon.

Ilan sa mga grupong ito ang Ako Mismo, Silent Society, at Artists Revolution.

Ako Mismo

Wala na nga atang higit na magandang pagkakataon upang mapanood ng ilang milyong Filipino ang iyong patalastas sa telebisyon kundi ang isabay ito sa laban ng pambansang kamao na si Manny Pacquiao. Noong nakaraang ika-2 ng Mayo, kasagsagan ng laban ni Pacquiao kay Ricky Hatton, paulit-ulit na ipinalatastas ang kampanya ng Ako Mismo.

Nilalayon ng Ako Mismo na sugpuin ang kawalan ng pakialam ng mga Filipino. Ayon sa website ng grupo, "Ang pinakamalaking problema ng Pilipinas ay hindi kahirapan o katiwalian o kawalan ng kapayapaan, kundi ang pagwawalang bahala ng mga mamamayan."

Hinihimok ng Ako Mismo ang mga Filipino, lalo na ang mga kabataan, na magtaya para sa pagbabago. Maaaring maging kasing simple ito na gaya ng pagtatapon ng basura sa tamang tapunan. Walang idinidiktang paraan ng pagkilos ang grupo at higit umanong walang iniendorsong perspektiba at kandidato sa halalan. Ang gusto umano nito, tuparin ng mga magtataya ang kanilang mga ipinangako upang magkaroon ng positibong pagbabago.

DDB Cares, ang corporate social responsibility arm ng DDB Philippines, isang kompanyang nasa negosyo ng pag-aanunsiyo, ang nagpasimula ng Ako Mismo. Ayon sa kanilang pahayag, matagal na silang tumutulong at nagsusulong ng mga adbokasya. Katulong nila sa pagtataguyod ng Ako Mismo ang PLDT Smart Foundation.

Upang higit na makuha ang atensiyon ng mga Filipino, kinuha ng DDB Cares ang tulong ng mga sikat na personalidad sa bansa. Kabilang dito sina Ely Buendia, Chris Tiu, Maxene Magalona, at Angel Locsin na pawang nagbigay din ng kani-kanilang pagtataya.

Agarang nakakuha ng suporta ang grupo mula sa mga mamamayan. Sa kasalukuyan, mahigit 150,000 na ang nagbigay ng kanilang pagtataya. Bagaman naging popular sa mga Filipino, sa lahat ng mga grupong nagtataguyod ng reporma, ang Ako Mismo ang naging pinakakontrobersiyal. (*Tingnan ang sidebar*)

Silent Society

Isang relihiyosong kilusan ang Silent Society. Ninanais nito na ituring ng mga Filipino na sagrado ang kanilang boto. Upang maisagawa ito, kailangan umanong panatilihing sikreto kung sino ang iboboto hanggang sa mismong araw ng eleksiyon.

Itinataguyod ng grupong Luminous Cross of Grace ang Silent Society. Ayon kay Aia Halili, Tagapagugnay ng Silent Society, naniniwala silang nakatira ang Diyos sa puso ng mga tao at sa pamamagitan lamang ng pananahimik at pagninilay-nilay masisiwalat ang Kaniyang mga plano.

Para sa kanila, kung tatanungin ka ng, "Sinong iboboto mo?" ang dapat na isagot, "Secret." Pinaniniwalaan nila Halili na sa pagsasabi ng "secret," nabibigyan ng kapangyarihan ang ordinaryong mamamayan na magkaroon ng paninindigan sa gitna ng bentahan ng boto at ng eleksiyon.

Bukod sa pagsusulong ng pangangalaga sa boto, nilalayon din ng grupo na magkaroon ng pormasyon sa pagpapahalaga sa pamamagitan ng Katapatan Card. Sa tulong ng card na ito, napagtatanto ng isang tao ang kaniyang mga positibong katangian. Mula sa prosesong

"Ang pagbabago ay nagsisimula sa sarili. Ang pagbabago ay tungkol sa isip, sa salita at sa gawa. At ang pagbabago ay nangyayari lamang kapag talagang may dedikasyon."
– Paredes



Ang mukha sa likod ng Ako Mismo

"Hindi ko sinusuportahan nang buo ang Ako Mismo," ani Victor Villanueva, miyembro ng Kabataan Partylist, at kasalukuyang kumukuha ng abogasya sa Unibersidad ng Pilipinas.

"Kailangan nating matanto na ang problema ay idinudulot ng sistema ng lipunan. Ang nagiging pag-iisip ng tao ang problema ng bansa ay idinudulot ng sarili. Baluktot na pag-iisip. Ang gobyerno ang nagpapairal ng ganitong uri ng pag-iisip. Ang ginagawa ng Ako Mismo, sinisisi niya ang indibidwal."

"Walang kabuuang pagbabago kung gagawa ka ng isang bagay na palagi mo nang ginagawa o na dapat mong ginagawa sa simula pa lamang. Mananatili tayo kung nasaan tayo. [Ang dapat] gumawa ng bagay na kolektibo. Gumawa ng bagay kasama ang ibang sektor ng lipunan."

Iminumungkahi ni Villanueva na sa halip na tawagin itong Ako Mismo, tawagin na lamang itong Tayo Mismo nang sa gayon, maikikintal nito ang kolektibong aksiyon sa kabataan.

Bukod kay Villanueva, may iba pang indibidwal na nagbigay ng puna sa Ako Mismo.

Isang araw matapos i-ere ang kampanya ng Ako Mismo, naglabas si Jaime Garchitorena, Pangulo ng EduPro, isang kompanyang dalubhasa sa mga anunsiyo, at Covenor ng Youth Vote Philippines, ng e-mail sa kaniyang mga Yahoo! Groups upang pag-ingatin sila sa pagbibigay ng anomang personal na impormasyon sa oras na lumahok sila sa Ako Mismo. Aniya, mayroon kasing mga kaduda-dudang aspekto ang website.

Nakapagtataka umano ang pagiging masyadong pribado ng website. Aniya, "Upang makita ang anomang [impormasyon tungkol sa grupo] kailangan mo munang maging miyembro. Doon pa lang, naintriga na ko."

"Hihingan ka [rin] ng maraming impormasyon," patuloy niya. "Para sa akin, nakakabagabag iyon dahil ang isa sa mga katangian ng kahit na anong website, puwera na lang kung idinisenyo ito para sa isang audience na alam ang kanilang pinapasukan, ay ang maging bukas ito sa lahat. Tinatanong nila ang iyong siyudad, probinsiya, pati zip code, numero ng cellphone, anong klase ng tao ka base sa iyong trabaho, kaarawan, taon. Sa teorya, maaari mong mapasok ang kahit na ano at madetermina ang aking pasword."

Bukod sa dami ng hinihinging impormasyon, sinabi ni Garchitorena na problematiko ang Privacy Policy ng Ako Mismo.

"Una, it takes very many liberties sa kung paano nila gagamitin ang iyong mga impormasyon sa pagpapadala sa iyo ng mga bagay-bagay. 'Kakailanganin namin ang iyong mga impormasyon upang magpadala sa iyo ng mga newsletter, etc., etc.' Hindi pa ako nakakita ng isang legal na dokumento na ginamit ang salitang 'etc.,

nakalagay sa card, makapipili ang isang tao ng pinakagusto niyang katangian. Kinakailangan niyang gumawa ng pangako na gagawa siya ng isang pagtataya upang maitaguyod ang nasabing katangian.

Ayon kay Halili, ang espirituwalidad ng mga Filipino ang magiging susi sa tinatamasang pagbabago.

"Hindi natin ito dapat ginagawa forever and ever, Amen. Iyan ang kulang sa mga grupong may adbokasya, wala silang finished or not finished, pass your papers."

– Garchitorena

Artists Revolution

"Ang Artists Revolution ay samahan ng mga artista na ang gusto niyang mangyari ay linangin ang kultura ng pagbabago," paliwanag ni Jim Paredes, isa sa mga tagapagtatag ng grupo at bokalista ng APO Hiking Society.

"Nagsisimula kami sa sektor ng mga artista kasi iilang sektor na lang sa Pilipinas ang pinaniniwalaan na ng tao. At naniniwala ako na ang artista ay pinaniniwalaan pa rin ng tao, kahit papaano. Ang politiko hindi na, ang simbahan nahihirapan na rin paniwalain ang tao. Pero bilang artista, naeengganyo namin silang sumayaw, kumanta, bumili ng mga produkto. Palagay ko meron kaming kapangyarihan na puwedeng gamitin sa pagbabago," ani Paredes.

Sabi ni Paredes, tinatayang 50 artista na ang miyembro ng Artists Revolution. Nagsimula ang grupo tatlong buwan na ang nakararaan.

"Ang gusto namin eh kami ang maglalabas ng mga kanta, ng mga pelikula, bagong simbolo, bagong imahe, na magpapahayag ng pagbabago."

Nang tanungin kung sang-ayon siya sa mga artistang kumakandidato, sinabi ni Paredes na, "Hindi ko huhusgahan ang kahit na sino na gustong tumakbo. Huhusgahan ko ang paraan ng iyong kampanya, ang iyong plataporma. May karapatan silang tumakbo."

Politikal pa rin

Naniniwala si Ramon Casiple, isang analitiko ng politika at Ehekutibong Direktor ng Institute of Political and Electoral Reform o Iper, na bahagi na ng nalalapit na eleksiyon ang biglaang pagsulputan ng mga grupong ito.

Hindi na umano kataka-taka ang mga nagtataguyod ng reporma sa politikal o elektoral na sistema, moralidad ng lipunan, edukasyon at karapatan ng mga manggagawa sapagkat ang mga ito naman ang nagiging pangunahing isyu tuwing panahon ng pangangampanya.

Bagaman sinasabi ng mga grupong ito na wala silang itinataguyod na reporma, sinabi ni Casiple na hindi ito nangangahulugan na wala na silang papaborang kandidato.

"Hindi ibig sabihin na sa katapusan ng eleksiyon ay hindi sila mag-eendorso ng kandidato. Ang usapin ng eleksiyon ay maghalal ng kandidato at hindi lamang magpanalo ng isang isyu. Walang silbi ang isang kilusan kung sa huli ay hindi sila pipili ng isang kandidato [na magtataguyod ng kanilang ipinaglalabang isyu]."

Matitiyak lamang umano na wala ngang pinapaboran na kandidato ang isang grupo "kapag patapos na ang panahon ng pangangampanya." Ngunit aniya, mahirap pa ring sabihin na inosente ang mga kilusang ito sapagkat "minsan, pagdating ng halalan, maging itong mga non-partisan ay hindi maiwasang mabuhay ang partisanship."

"Hindi mo maiiwasan, eleksiyon iyan eh," ani Casiple.

Mga organisasyon bilang puwersa

Dalawang punto ang inilatag ni Casiple na dapat umanong gawin ng mga grupo upang maging ganap ang kanilang inaasam na pagbabago. Una, magkaisa sila sa sinasabing reporma at magkaroon sila ng isang estratehiya upang isakatuparan ito. Ikalawa, magkaisa sila sa pagpili ng susuportahang kandidato sa Halalan 2010.

"Lalamunin lamang sila ng mga politiko kapag hindi sila nagkaisa," ani Casiple.

Maaari lamang umanong mauwi ang mga kilusang ito bilang kasangkapan ng mga politiko upang maparami nila ang kanilang mga tagatangkilik. Sa kabilang banda, dapat din na mamili sila ng isang kandidato upang hindi tuluyang mahati ang kanilang boto. Sadyang kailangan lamang talaga nilang mag-ingat.

Para kay Jaime Garchitorena, Pangulo ng EduPro, isang kompanyang dalubhasa sa mga anunsiyo, at Convenor ng Youth Vote Philippines o YPS, tiyempo ang paglabas ng mga grupong ito isang taon bago mag-eleksiyon. Datapwat nakikita niyang suliranin ang kawalan ng matagalang layunin ng mga ganitong grupo.

Aniya, "Kapag pumasok ka sa isang kampanya, talagang nasasabik ka. [Pero] kung hindi mo alam kung gaano ka katagal tatakbo, hindi mo malalaman kung paano maghanda para rito. At kung hindi ka handa, maari kang bumitiw bago mo pa maabot ang dulo."

Limang taon pa lamang lumalahok si Garchitorena sa mga adbokasya. Sinabi niyang halos pareho ng adbokasya ang Ako Mismo at YPS. Nakita nila na naging apatetiko na ang mga kabataan kung kaya kumilos sila upang gawin ang mga ito na maging maalam sa mga nangyayari sa lipunan at magkaroon ng paninindigan partikular na sa pamamagitan ng pagrerehistro.



Bagaman bago pa lamang sa adbokasya, nakikita ni Garchitorena na hindi pa rin nagbabago ang mga suliranin o wala pa ring nagagawang pagbabago ang mga grupong nauna sa kanila sapagkat hindi nga nagbibigay ang mga ito ng palugit sa kanilang mga pagkilos.

Aniya, "Hindi natin ito dapat ginagawa forever and ever, Amen. Iyan ang kulang sa mga grupong may adbokasya, wala silang 'finished or not finished, pass your papers.'"

Nasa botante pa rin

Sa paglapit ng araw ng eleksiyon, tiyak na may iba pang mga grupo na magsusulputan upang ikampanya ang kani-kanilang mga adbokasya.

Bagaman nilalayon ng mga pangkat na itong gawing higit na mulat ang mga botante, pinaaalalahanan ni Casiple ang mga boboto na maging mapanuri pa rin.

Naglabasan ang lahat ng mga grupong ito upang ipaalam sa mga mamamayan na malaki ang kanilang responsibilidad sa bansa, at na kaya nilang kumilos upang isulong ang kapakanan ng bawat isa. Subalit, magiging paulit-ulit pa rin ang mga problema kung hindi magkakaroon ng inisyatiba ang mga Filipino.

Gaya nga ng sabi ni Paredes, "Ang pagbabago ay nagsisimula sa sarili. Ang pagbabago ay tungkol sa isip, sa salita at sa gawa. At ang pagbabago ay nangyayari lamang kapag talagang may dedikasyon." 

etc.' dahil kadalasan, kailangan mong i-specify kung ano mismo ang iyong ipadadala sa akin. Ikalawa, hindi ito [Ako Mismo] responsable kung mayroon mang hindi sinasadyang pumasok sa kanilang database at kinuha ang iyong mga impormasyon."

Hinanap umano ni Garchitorena ang may-ari ng adbokasya at tatlong organisasyon ang lumitaw – DDB Cares, PLDT Smart Foundation at Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Tinawagan ni Garchitorena ang KBP at napag-alaman na bagaman kasama ng anunsiyo ang logo ng KBP, hindi ito inaprubahan ng nasabing grupo. Ayon sa nakausap ni Garchitorena, dalawang bagay ang tinitingnan ng KBP bago aprubahan ang anomang patalastas. Unang-una ang adbokasya, ang mensahe na gustong ipaabot sa publiko; at ang ikalawa, kung sino ang nasa likod nito. Hindi umano inaaprubahan ang isang anunsiyo kung politiko ang may-ari nito o may balak itong tumakbo sapagkat maaari niyang gamitin ang naturang organisasyon para sa kaniyang pangangampanya.

Ani Garchitorena, "[Ang sabi ko sa kausap ko], 'Sigurado ang KBP gusto nilang walang kinikilingan.' Ang sabi ng kausap ko, 'Oo nga, Sir. Isa yun sa mga dahilan kaya hindi naaprubahan [ang Ako Mismo].'"

Dagdag pa niya, "Kunin mo ang lahat ng ito, ilagay mo isang taon bago ang eleksiyon kasama si Manny Pangilinan na natsismis na may kinalaman sa politika o nais ng mga tao na makilahok siya sa politika, ano pa bang maaari mong mahinuha?"

May nakapagsabi umano kay Garchitorena na magkakaroon ng transpormasyon ang Ako Mismo sa Hunyo at maaaring may koneksiyon ito kay Bise Presidente Noli de Castro sapagkat lumabas kamakailan si Pangilinan sa balita at sinabi na may mangyayari para kay De Castro sa Hunyo.

Bilang depensa, sinabi umano ni Antonio "Tony" Samson, dating empleyado ng PLDT at kasalukuyang tagapagsalita ng Ako Mismo na wala silang intensiyon na mangalap ng impormasyon. Bakit umano nila gagamitin ang isang website na may 75,000 miyembro kung kaya naman nilang i-text ang 37 milyong tao na gumagamit ng kanilang serbisyo.

Ayon kay Garchitorena, kaiba sa karaniwang paniniwala, higit na epektibo pa rin ang 75,000 tao na nagboluntaryong sumali sa isang grupo at makatanggap ng mga detalye mula sa sinalihang grupo kaysa sa 37 milyong tao na walang anomang detalyeng alam ang Ako Mismo o PLDT Smart maliban sa numero ng kanilang selepono.




Ayon kay Jaime Garchitorena, kaduda-duda ang mga layunin ng Ako Mismo

Bagaman may mga batikos sa website, sinabi ni Garchitorena na maganda ang adhikain ng grupo. "Kailanman ay hindi ko minaliit ang grupo bilang isang pagkilos. Nagtataka lang ako kung sino ang may-ari nito at sa anong paraan ito maaaring gamitin sa hinaharap. Pero bilang isang tawag na nagtitipon sa mga tao, isa itong magaling na simula. Anomang kampanya na hinihikayat ang mga tao na makisama, lalong-lalo na ang kabataan, ay isang magandang bagay. Walang duda roon."

Sinubukang kunin ng Matanglawin ang panig ng DDB Philippines at ng Ako Mismo subalit hindi nila sinagot ang email at walang sumasagot sa kanilang telepono.








Magpagbiro ang panahon…

Dati rati, ang kalsada'y palaruan lamang namin…
kung saan natatagpuan ang kasiyahan.





Ngayon, ito ri'y tahanan na ng di-iilan. Kungsabagay, dito sila *tumatahan* – mula sa paghikbi sa kalungkutan at kahirapan.

Kaybilis ng panahon…

Tila baga kadaraan pa lamang ng nakaraan. Parang nakakaya ko pang sulyapan ang aking kabataan.





Subalit nagigising sa pagharaya, kapag nagisnan ang kasalukuyan, magkaiba na kayo ng mundong kinapapalooban.

Huwag ka lang sanang limutin ng panahon, mapag-iwanan sa pag-usad nito



Kuya, saan tayo pupunta?

Hindi ko rin alam. Basta sa ibang lugar, sa masaya. Malayo rito.

Kuya, huwag mo kong iwan ha…

kuha ni Ramil Ramirez
titik ni Hermund Rosales
lapat ni Dylan Valerio




Kasi ayaw kong mag-isa.

Ang Halimaw ng Bataan

nina Robee Marie Ilagan at Robin James Perez
lapat ni Dylan Valerio

Isang pagsiyasat sa mga suliraning nakapalibot sa pagtatangkang pagbuhay sa Bataan Nuclear Power Plant.



HALIMAW NG MORONG, BATAAN. Ito ang taguri sa Bataan Nuclear Power Plant o BNPP, isang plantang nukleyar na itinatag noong panahon ng dating Pangulong Ferdinand Marcos bilang tugon sa nangyaring krisis sa langis.

Halimaw ito kung ituring sapagkat matinding pinsala umano ang idudulot ng planta sa mga Filipino. Ang masama pa nito, mistulang hinukay ng mga Filipino ang sarili nilang libingan dahil napakalaking halaga ang kinuha mula sa pera ng taumbayan para sa pagpapatayo nito.

Sa isang panayam kay Francis Joseph Dela Cruz, Tagapag-ugnay sa Pampublikong Kampanya ng Green Peace South East Asia, isang grupong nangangalaga sa kalikasan, sinabi niyang 21.2 bilyong piso ang ginastos ng mga Filipino para sa pagpapagawa ng BNPP na isang malaking kasayangan sapagkat walang nalikhang anomang kuryente ang planta.

Apat na libong depekto umano ang nakita sa BNPP bago pa man ito matapos itatag. Nang mapatalsik si Marcos sa puwesto, napagpasyahan ni dating Pangulong Corazon Aquino noong 1986 na huwag gamitin ang BNPP. *(Tingnan ang imahe sa pahina 23)*.

Ngayon, 23 taon na ang nakalilipas, pilit binubuhay ng ilang personalidad sa pamahalaan ang naturang halimaw.

Panganib

Itinayo ang BNPP upang makalikha ng humigit-kumulang 620-Megawatts na enerhiya. Tumagal ng sampung taon ang konstruksiyon ng planta na natapos noong 1984.

Ganoon na lamang ang pagtutol ng mga Filipino sa BNPP dahil bukod sa mga depekto, maling lugar umano ang kinatatayuan nito.

Sinabi sa pag-aaral ng Internasyonal na Ahensiya sa Enerhiyang Atomiko (IAEA), na malaki ang pagkukulang ng planta sa kalidad ng konstruksiyon, disenyo, at pasilidad pangkaligtasan nito.

Ayon naman sa artikulo ng heyolohistang si Dr Kelvin Rodolfo na lumabas sa Inquirer.net, dapat pigilan ang pagbuhay sa BNPP sapagkat tinatamaan ng mga lindol ang kinalalagyan nito sa Napot Point, Morong, Bataan.

Bukod dito, malapit din ang planta sa Bulkang Natib na may tendensiya pa ring pumutok bagaman hindi aktibo.

Ayon kay Rodolfo, bago pa itatag ang BNPP, napag-alaman nang nagkakaroon ng mga lindol sa Napot Point subalit ipinagpatuloy pa rin ang pagtatayo nito.

Bukod pa rito, wala umanong uranium ore ang Filipinas na siyang kinakailangan ng planta upang tumakbo.

Nangangahulugan ito na dapat pang umangkat ng uranium ore mula sa ibang bansa na nagkakahalaga nang malaki.

Pagbuhay

Sa pamamagitan ng House Bill bilang 4631, o Rehabilitation, Commissioning and Commercial Operation of the Bataan Nuclear Power Plant, binuksan ni Pangasinan Representative Mark Cojuangco ang isyu ng pagbuhay sa BNPP.

Sa isang pulong na ginanap sa Bacolod City binigyang-diin ni Cojuangco ang kahalagahang maibibigay ng planta pagdating sa elektrisidad na kinukonsumo ng bansa.

Ayon sa mga balita, sinabi ni Cojuangco na, "Ginastusan na rin lamang ng higit ng dalawang bilyong dolyar ang planta, bakit hindi pa ito gamitin para sa ikabubuti ng bansa? Meron tayong dalawang bilyon [piso] ng basura, bakit hindi natin pakinabangan ang basurang ito."

Dagdag pa niya, malaki ang posibilidad ng pagkukulang sa suplay ng kuryente sa Luzon sa mga susunod na taon.

Inilahad din umano ni Cojuangco ang maling pagtingin ukol sa diumano'y panganib na dala ng planta. Ginamit niyang halimbawa ang Timog Korea na 25 taon nang gumagamit ng nukleyar na planta kung saan walang kahit isang aksidenteng naitala.

> **"Meron nga akong naisip na ibig sabihin ng BNPP; parang ganito: BNPP = Buhay Naming Parang Papatayin."**
> **– Perez**

Ayon pa kay Cojuangco, isang malaking katipiran para sa pagkonsumo ng elektrisidad sa bansa ang paggamit ng planta sapagkat maaari itong ituring na alternatibong mapagkukunan ng enerhiya.

Aniya, mababa lamang ang halaga ng gagamiting kemikal (hydrogen, uranium at thorium).

Sa pagbuhay sa BNPP, tinatayang $1 bilyon ang muling gagastusin ng bansa.

Datapwat, hindi sang-ayon ang lahat ng kongresista kay Cojuangco. Upang mapigil ang pagpapatupad ng ipinapanukalang batas ni Cojuangco, gumawa sina Albay Rep. Edcel Lagman, Quezon Rep. Lorenzo Tañada III, at Akbayan party list Representative Risa Hontiveros ng isang panukalang batas na naglalayong pag-aralan muna nang mabuti ang BNPP at tiyakin kung magagawa ngang magamit pa ito na gaya ng sinasabi ni Cojuangco.

Noong nakaraang Marso, inaprubahan ng House Committee on Appropriations ang badyet na ₱100 million para sa pag-aaral na isasagawa sa BNPP.

Sa isang pahayag na lumabas, sinabi ni Lagman na hindi na muling mabubuhay ang BNPP sapagkat tiyak umano na isisiwalat ng pag-aaral na isasagawa ng Kagawaran ng Enerhiya o DOE at National Power Corporation o NPC na marami ngang depekto at panganib ang BNPP.

Hinaing

Ayon sa alituntuning pangkaligtasan ng IAEA, hindi dapat mahalo sa ibang bagay ang basurang nukleyar sapagkat radioactive ito. Nananatili ngayong malaking katanungan kung saan itatapon ang nakalalasong basurang ito.





Kinokondena ni Francis Joseph Dela Cruz ng Green Peace South East Asia ang pagbubukas ng BNPP.

SIGAW NG BAYAN



Kung tumataas naman ang kuryente mo, ang dapat gawin ay ang magtipid o mas maging epektibo hindi [ang magparami] pa lalo ng kuryente."
– De La Cruz

Ayon kay Rodolfo, naglalabas ang nukleyar na enerhiya ng dumi na siyang nananatili ng ilang libong taon.

Paliwanag ni Carding Perez, tagapagsalita ng Samahan ng mga Magsasaka at Mangingisda ng Bataan o SMMB, "Maaapektuhan din iyan [palayan] kasi kapag napasok ng toxic waste iyong daluyan ng tubig, lagot silang [mga taniman] lahat.

Dagdag niya, buo ang pagtutol ng mga taga-Morong sa pagtatayo ng BNPP hangga't hindi malinaw ang tiyak na probisyon ng kalinisan ng planta, katatagan ng kalidad at kaligtasan ng mga buhay at ikinabubuhay ng mga residente.

Aniya, "Meron nga akong naisip na [ibang] ibig sabihin ng BNPP. Parang ganito, BNPP = Buhay Naming Parang Papatayin."

Ayon kay Dela Cruz, makabubuti ang pagtuon sa renewable energy na gaya ng solar energy, na mas kakikitaan ng benepisyo pagdating sa usapin ng konserbasyon.

Aniya, "Kung tumataas naman ang kuryente mo, ang dapat gawin ay ang magtipid o mas maging epektibo hindi [ang magparami] pa lalo ng kuryente."

Perang Naging Basura

Ayon kay Dela Cruz, kung maisasakatuparan ang pagbuhay sa BNPP, babayaran ng mga Filipino ang hinihinging pera ng gobyerno ngunit dalawang taon pa ang hihintayin bago mapakinabangan ang planta dahil kailangan pa ng "warm-up." Kung uutang naman umano ang pamahalaan, ilang henerasyon na naman ng mga Filipino ang magdurusa sa pagbabayad ng nasabing utang.


Kataka-taka rin umano ang pagiging hindi malinaw ng panukalang batas hinggil sa tiyak na paggagamitan ng perang hinihingi. Hindi rin daw nabibigyang linaw kung sino ang mamamahala sa pera at sa plantang diumano'y bubuhay sa Filipinas.

Aniya, "Parang humingi ka ng isang libo sa nanay mo tapos kapag tinanong [kung saan mo gagamitin] ang sasabihin mo mapapunta iyan sa mabuti. Hindi ka bibigyan ng pera hindi ba?"

Bakit pa?

Ipinaglalaban nila Dela Cruz na sa oras na patakbuhin ang plantang nukleyar, walang katiyakan at kaligtasang panghahawakan ang Filipinas lalo na't hindi lamang ang planta ang sagot sa problema ng enerhiya sa bansa.

Aniya, "Bakit ka gagawa ng suliranin ngayon upang problemahin mo kinabukasan? O ang mas magandang tanong, bakit ka pa gagawa ng isang mas masidhing problema?"



Sanggunian: Singapore Institute of International Affairs at Google

SIGAW NG BAYAN

ENGGANYO SA PAGKAKADUGTONG DUGTONG

ni Karen Mae Cruz
may kasamang ulat nina Karlo Abril
at Ley Capili
lapat ni Josef Go-Oco

Isang Pagpapaliwanag sa Negosyo ng Networking

MILYON-MILYONG PISO sa isang taon. Hindi masama. Sinong hindi maaakit na pumasok sa ganitong trabaho lalo na't hindi ito nangangailangan ng matinding pagbabanat ng buto. Anong tanging kailangan? Maging maboka at magkaroon ng maraming kaibigan.

Ang Networking

Networking ang terminolohiyang ginagamit upang tukuyin ang sistema ng ilang kompanya na nasa linya ng pagbebenta ng iba't ibang produkto. Sa networking, bumubuo ng mga koneksiyon ang kompanya. Mas maraming taong mahihimok sumali, mas mabuti.

Nagiging networking ang transaksiyon kapag kasabay sa pagbili ng produkto, nagiging opisyal na miyembro na rin ng kompanya ang napagbentahan nito. Bilang kasapi, inaasahang magbebenta rin ng mga produkto ang mga sumaling indibidwal. Sa ganitong paraan, patuloy na lalaki ang kompanya at matitiyak ang kita nito.

Isa ang Healthwealth, Inc. sa ilang kompanyang napasasailalim sa industriya ng networking. Kalusugan ang diumano'y isinusulong ng grupo. Nagbebenta ito ng mga produktong pangkalusugan tulad ng mga gamot na herbal, sabon, krema sa katawan, at iba pa.

Ayon kay Nelson Torres na mga walong taon nang nagtatrabaho sa Healthwealth, Inc., mayroong dalawang klase ng networking – ang product-based at client-based.

Aniya, prayoridad ng isang product-based na kompanya ang pagbebenta ng mga produkto. Inaayon ang komisyon ng mga nagbebenta sa bilang ng produktong kanilang naibenta.

Samantala, higit na mahalaga ang pagpaparami ng mga miyembro sa isang client-based na pamamalakad. Inaayon ang komisyon ng mga emplayado sa bilang ng kanilang nahikayat sumali sa kompanya at magbenta ng produkto. Isang halimbawa ng client-based ang Healthwealth, Inc.


Ayon kay Nelson, "Katulad ng iba pang kompanyang nasa networking, referral-based ang Healthwealth, Inc. Inengganyo kami ng isang kaibigan na subukan ang ganitong pagkakakitaan."

Pyramiding

Ayon naman sa kaniyang asawang si Imelda Torres na empleyado din sa Healthwealth, "Pyramiding din ito kung titingnan mo iyong mga detalye ng mga transaksiyon. Kunwari, nagbenta ka sa dalawang tao ng mga produktong nagkakahalagang P500, kikita ang kompanya ng P1000. Kikitain mo rin iyong P1000 na iyon. Kung magkano ang maibenta ng mga recruits mo, kikitain mo rin kasi nakareport ang bawat transaksiyon kaya madaling naibabalik sa orihinal na miyembro ang kita."

Ngunit nilinaw ng mag-asawang hindi pyramiding ang networking bagaman may ilang pagkakapareho.

Sa pyramiding, halimbawang sumali si X at nagbayad siya ng limang libo. Dalawampung libong piso ang ipinangakong babalik sa kaniya. Ngayon, maghahanap si Y ng apat na bagong miyembro na magbibigay din ng tigli-limang libo upang maibigay ang pera ni X. Magpapatuloy ang proseso hanggang sa wala nang gustong sumali at hindi na naibalik ang pera ng mga taong huling sumali.



Sa networking, ang maghanap ng mga indibidwal na direktang magbebenta ng kanilang mga produkto, gaya marahil ng patakaran sa mga negosyong Avon at Natasha, ang ginagawa ng mga kompanya. Ang mga sumasali sa networking, ang maghahanap ng mamimili ng kanilang produkto.

Ayon sa mag-asawang Torres, kredibilidad ng mga transaksiyon ang isa sa mga pagkakaiba ng pyramiding at networking. Mas madali umanong masuri maging ng DTI ang mga transaksiyon ng mga kompanyang gumagamit ng networking dahil mayroong aktuwal na produktong ibinebenta dito kumpara sa pyramiding na wala.

Ani Imelda, "Sa networking, lalo na kapag product-based, mas nakikita ng tao kung saan napupunta ang pera niya."

Mapanlinlang

Bagaman may mga nagsasabing malinis na industriya ang networking, mayroon pa ring mga nagsasabing may mga butas ito.

Ayon sa artikulong naisulat ng Amerikanong manunulat na si Dean VanDruff sa kaniyang website, hindi sumusunod ang networking sa "basic common sense" ng ekonomiya: ang ideya ng suplay at demand.

Ayon sa kaniya, nakapagtataka kung bakit kailangan pang gumamit ng ibang taktika upang magbenta ng produkto kung alam naman ng kompanyang maaari nitong ibenta ang mga ito sa normal na paraan.

Dagdag niya, imposibleng kumita ang isang kompanya sa pagbebenta nito ng produktong hindi nagbabago ang presyo dahil hindi pare-pareho sa lahat ng oras ang kahingian sa produkto. Kung mataas ang pangangailangan, dapat taasan ang presyo upang mapanatili ang kita at ang suplay nito. Kung mababa naman, kailangang babaan ang presyo upang mabili pa rin ang natitirang suplay.

Diumano, umaandar ang networking sa pamamagitan ng geometric expansion. Hawak ng isang miyembro ang mahigit sa limang miyembro, at bawat isa sa limang ito, mayroon ding hawak na lima pa. Para kay VanDruff, imposibleng kumita lahat ng miyembro dahil dumarami ang nagbebenta, at hindi naman gaanong nagbabago ang bilang ng mga bebentahan o nangangailangan ng produkto nila.

Maagang tagumpay

"Na-engganyo kaming sumali dahil minsan, hindi sigurado ang kita mula sa negosyo. Dito sa networking, madali lang pala ang proseso ng pagpasok. Basta willing kang magbenta, mabubuhay ka rito," ani Nelson.

Para sa mga Torres, kinakailangan lamang ng mga miyembrong sumali sa ilang training seminars upang mahasa sila sa pagsasalita at pagbebenta.

Hindi tulad ng ibang opisina, hindi kinakailangang pumasok araw-araw sa mismong opisina kung kaya hawak ng mga miyembro ang kanilang oras.

Wala ring gaanong kahingian sa mga gustong sumali ang ilang kompanyang katulad ng Healthwealth. Kailangan lamang dumalo sa mga pulong at permiso ng mga magulang kung menor de edad ang miyembro.

Isa si Nikka Torres, anak nina Nelson at Imelda sa patunay na hindi mahalaga ang edad sa networking upang magtagumpay.

Aniya, "Nagsimula ako sa Healthwealth, Inc. noong nasa Grade 5 pa ako. Hanggang ngayong papasok na ako ng kolehiyo, masasabi kong maayos ang pamamalakad nila at totoo ang kinikita ko. Basta handa kang makipag-usap sa iba't ibang tao, aasenso ka sa networking."

Idiniin ng pamilyang Torres na malinis ang networking at talagang kumikita ang mga tao sa nasabing negosyo.

Kahirapan ng buhay

Sa hirap ng buhay ngayon, maraming tao ang na-eengganyong sumali sa networking lalo na't nangangako ito ng madaliang kita. Subalit, marami ring tao ang nag-aalangang sumali sa networking sa takot na maloko lamang sila.

Kadalasang sinasabi ng mga kompanyang tumatangkilik sa networking na sa pagiging kabahagi nito, mapapalapit ka sa iyong mga pangarap – pangarap na umasenso at yumaman. Hanggang saan nga ba kayang makipagsapalaran ng mga Filipino upang bumuti ang kaniyang buhay?

Sa huli, tuwinang naroon ang pangangailangang makapag-isip muna at maging mulat sa mga panlilinlang, sapagkat mahirap nang lalong mabaon sa kahirapan.



MALAKIHANG PAGBABAGO

Kakaibang paraan ni Juana Change sa pag-abot sa hangaring pagbabago

nina Ness Roque at Jillian Adona
Likhang-sining ni Julz Riddle
Lapat ni Rico Esteban

Hindi siya gaya ni Charice Pempengco na kayhusay bumirit. Hindi mahaba ang buhok na tulad ni Arnel Pineda. Lalong hindi siya kasintanda ni Susan Boyle. Pero, kagaya ng mga sikat na personalidad na ito, nakilala din siya sa pamamagitan ng YouTube at bigla-bigla ngang nakagawa ng pangalan.

Bayani, Chacha, Fixer, Baligtaran, Kilala mo ba Ako at Kulungan. Ilan lamang ang mga ito sa mga video sa YouTube ni Mae Paner na mas kilala sa pangalang Juana Change, isang matapang subalit makomedyang kritiko ng pamahalaan.

Isang direktor ng mga patalastas si Mae. Bukod dito, may sarili din siyang advertising agency. Siya ang gumawa ng video na Lupang Hinirang, isang bagong interpretasyon sa pambansang awit sa konteksto ng kasalukuyang nangyayari sa bansa.

"Ang hirap makialam... pero Diyos ko, what will it take for you to do something?"

Wanna Change at *Wa' Na Change*

Ani Mae, naisipan nilang magkakaibigan na gumawa ng maiikling satirika na tampok ang isang karakter na gaganap ng iba't ibang papel. Dahil wala raw silang pera para sa mga artista, si Mae na isang artista sa People for the Ethical Treatment of Animals o PETA bago naging direktor, ang napili.

Bagaman pumayag maging artista, natakot umano si Mae sa unang script na inilabas ng kaniyang kaibigang manunulat na si Rody Vera.

"Sabi ko, 'Rody naman gusto mo na ata akong mamatay! Sabi ni Rody, 'Kung lalabnawan natin iyan hindi naman maganda. E sa iyan ang katotohanan at masakit ang katotohanan.' Nag-isip ako, major isip, mga two seconds. Sabi ko 'Ah, okay.' Ayun. So doon ipinanganak iyong Juana. Inupload namin [isang] gabi [iyong video] tapos pagkagising namin, nyer! Ang daming hits!"

Hindi nagtagal, tuluyang sumikat si Juana Change. Hindi umano inasahan ni Mae ang ganoong pangyayari.

"We were on television, YouTube, slowly the newspapers, broadsheets – not much on broadsheets pero blogs were written, online Inquirer na-feature ako. Then tuloy-tuloy na iyon."

Nilalayon ni Juana Change na imulat ang mga Filipino sa kung sino nga bang kandidato ang karapat-dapat iboto sa paparating na eleksiyon. Bukod dito, ninanais din niyang imulat ang mga tao sa mga kabuktutan sa gobyerno. Dahil sa kaniyang mga maaanghang na pagbatikos sa pamahalaan, madaling sumikat si Juana Change.

Aniya, "We can change the face of politics if we truly think of who to vote for. I mean do you really believe in Mar Roxas, sa pagpadyak? Can he really change his country sa pagpahid ni Manny Villar ng kamay niya sa itikan? Do you really believe that? Kailangan talaga kilalanin mo sila e. May mga eskandalo. What have they really done? Nanuod ka kay Jejomar, maniniwala ka ba kapag sinabi niyang gano'n? Minsan nga do'n ka hindi dapat maniwala kasi may sinasabi iyon na gusto niyang paniwalaan mo, pero may nakatago na gusto niyang ilibing. Ang hirap makialam... pero Diyos ko, what will it take for you to do something?"

Personal

Ikalawa sa anim na magkakapatid si Mae. Namatay ang kanilang panganay kaya siya na ang tumayong pinakamatanda.

Mayroong kainan sa Cubao ang pamilya ni Mae noon. Dulot ng pagyao ng kaniyang ama, humina ang kanilang negosyo at doon umano nagsimula ang kanilang paghihirap.

Aniya, "Ang mommy ko puro utang. Halimbawa tuition na, mangungutang na iyan sa mga tita ko, mga kaibigan niya. Ang term noon salipada, dedelihensya na siya. Tuition, utang, itatawid iyong breakfast tapos hahanapin na iyong panglunch. Gano'n ang diskarte, day to day."

Si Mae ang naging tagapaghanapbuhay ng pamilya lalo na nang nakapagtapos siya sa Unibersidad ng Sto. Tomas sa kursong Sikolohiya. "Ako ang nagpapaaral sa lahat, nagpapakain, renta, as in ako lahat. 'Yun pala mali 'yon. Hindi puwedeng sa kinikita mo nakakapit lang silang lahat sa'yo. [Tungkulin] ng bawat isa na buhayin ang sarili natin, hindi ang umasa."

Hinggil sa love life, sinabi ni Mae na wala siyang kasintahan sa kasalukuyan. "Wala akong love life, sex life lang. Hindi, wala akong dyowa pero meron akong ex na ang usapan namin habang wala pa siyang dyowa at wala pa akong dyowa, kapag nagkikita kami, kami. Alam ko na kasi na hindi ko siya type, at siguro hindi na rin niya ako type. Ayun na nga hindi na kami but we're really good friends. We love each other."

Nang tanungin si Mae kung gusto pa niyang magkaanak, sinabi niyang, "Ayoko na, ang baby ko ay ang bayan."

Ang mga tinanggihan

Palibhasa direktor ng mga patalastas sa telebisyon, kritikal si Mae sa mga ipinapalabas ng mga kandidato. Malaki ang nagbago sa trabaho niya nang simulan niya ang Juana Change. Mayroon na siyang mga tinanggihang mga patalastas ng iba't ibang produkto, maging ng mga politiko.



"May mga tinatanggihan ako, sina Manny Villar, Mar Roxas. Because I did their ads before. Iyong kay Mar Roxas noon Mister Palengke, that was number one. I did Manny Villar when he ran in 2004, I did most of his ads. Pinagkakitaan ko lahat 'yan 'day, milyon. So ngayon tinatanggihan ko sila, milyon din. Kasi noong nakilala ko sila medyo ayaw ko na sila e. Hindi ko na magawan ng ad kasi naman nag-hu-Juana Change ka tapos pinagkakuwartahan mo pala iyong mga ayaw mo. Iisa ang Juana at Mae Paner kasi, kapag nagkontrahan 'yon, wala kang integrity 'di ba? At saka iyong ads na wala namang katuturan, iyong mga sinungaling na commercial sa TV. Naniniwala ba kayo doon, sinabi sa inyong maganda maputi, 'di ba. Much of crap."

Pagbabawas ng Timbang

Ayon kay Mae, isa sa mga pinakahindi niya makalilimutang karanasan sa pagiging Juana ang pakikipag-usap sa mga magsasaka. Aminado si Mae na hindi niya magawang isipin kung papaano nagagawang hindi kumain ng mga magsasaka na nasa hunger strike. Nahirapan umano siyang isipin kung paano siya magtatanghal sa harap ng mga nasabing magsasaka.

"Diyos ko 'day 'di ba ako Juana Change, nakakatawa. Doon ako unang nagperform na ako ang unang naiyak. Inimbitahan kami sa isang presscon dahil walang pumapansin sa mga magsasaka. Ikinukuwento nila na hindi sila kumakain, paano ko naman gagawin as political satire iyan? Parang ang hirap tumawa. Sobrang na-touch ako sa mga farmers. Iyong hirap nila. Samantalang ako t*** i** ang extra rice ko apat, e sila hindi kumakain!"

Sa timbang na 260 pounds, nagpasya si Mae na magbawas ng timbang. Naisip niyang maipakikita rin niya sa ganitong paraan ang kaniyang pagmamahal sa bayan.

Aniya, "Paano kung subukan kong tanggalin ang aking mga excesses at ialay ito para sa pagmamahal sa bansa? Hindi ba iyong kalabisan na iyon parang kalabisan din ng mga

"Hindi naman madali ang magbago… Sa totoo lang, 't* i** ang hirap magbago!… [Pero] hindi naman puwedeng gusto mo nga ng pagbabago pero gusto mong intindihin lang sarili mo…. Kailangan tumataya rin kayo sa pagbabago."**

politiko na walang kakuntentohan?"

"Alam mo iyon, ang dami mong excesses na puwede naman talagang alisin. In fact nakasasagabal pa nga iyon sa pagiging mabuting tao. Pucha ako sa katabaan ko imbes na makalakad ako at marami akong magagawa, ang bagal bagal kong lumakad."

Sa nakasanayan niyang tatlo hanggang limang tasa ng kanin, nagsimula ang pagdidiyeta ni Paner sa tatlo na lamang, na tuluyan niyang babawasan hanggang minsan, isa na lamang. Tikim na lamang umano ang ibibigay niya sa mga pagkain na hindi niya matanggihan noon.

Ilang beses nang sinubok magpapayat ni Mae ngunit ngayon lamang niya nakumbinsi ang sarili na panghabambuhay na ito.

Bukod sa pagbabawas ng pagkain, nagsimula na rin siya na sumali sa mga pag-eehersisyo tuwing umaga. Madalas siyang samahan ng ilang mga estudyante at mga manonood ng Juana Change na nais ipakita ang kanilang pagsuporta at magbawas din ng kanilang mga timbang. Nais ni Paner na mayroon siyang maibigay sa kaniyang mga manonood ng matutularan.

Aniya, "Kumbaga, 'Aba si Juana, iyon ang kayang gawin, ako kaya, ano ang kaya kong gawin?"

"Hindi naman madali ang magbago," dagdag ni Mae. "Sa totoo lang, 't*** i** ang hirap magbago! Hello! 'Di ba! As in! Sinong nagbabagong nadadalian? [Pero] hindi naman puwedeng gusto mo nga ng pagbabago pero gusto mong intindihin lang sarili mo. Hindi naman kasi puwede iyon! Kailangan tumataya rin kayo sa pagbabago."

Anong itataya mo?

Hindi na lamang pagbabago ng politika sa bansa ang mensahe ni Juana Change, kundi pagbabago sa bawat isang Filipino lalo na't paparating na ang eleksiyon. Mahirap man tanggalin ang iba't ibang mga bisyo, hinihikayat ni Paner na tingnan ng tao ang mga kaya nilang gawin. ▯





TÁONG-GRÁSA

nina Hermund Rosales, Victoria Tulad at Tresa Valenton
likhang-sining ni Kevin Santos
larawan mula sa MMDA
lapat nina Josef Go-Oco at Jonats Gonzales

KUNG KASAMA SA RUTA mo ang magmula sa Aurora patungong Ateneo, malamang nakita mo na siya roon. Nakasandal sa posteng waring nagsisilbing salalayan na rin ng kaniyang buhay, haligi ng kaniyang tahanang langit ang bubungan, at iisa ang dingding. Hindi matatanto kung inaangkin niya ang buong kalsada bilang teritoryo; ang tiyak lamang, isinisiksik niya ang sarili sa gilid ng posteng iyon, umulan man o nakatirik ang araw.

Kung mapapalapit ka sa kaniya, mapapansin ang nakapaskil sa kaniyang likuran: eco apoy inchek govierno. Hindi niya iyon nagawang ipaliwanag. Sinabi lamang niyang padala umano siya ng gobyerno. Mapapansin sa nasabing paskil ang mga letrang "Jali". Isa iyon sa kaniyang naikuwento. Pangalan pala iyon ng kaniyang kakilala, na nailarawan niyang isang taong dilaw (sabay turo niya sa direksiyon ng Jollibee, na mababaybay din naman ang imprastrukturang dilaw ng McDonald's). Bukod kay Jali, wala na siyang nakasama.

Nang tanungin kung taga-saan siya, "Ilokano" ang tugon niya, basta umano sa may bandilang pula, puti, at asul. Kung wala man siya sa puwesto niyang iyon, dumadako naman siya sa 1st, 2nd, 3rd, at sa 4th. Nagtutungo rin umano siya sa San Mateo kung saan nababansagan siya ng kung ano-ano.

Sa aming pag-uusap, ilang ulit niyang nabanggit ang munisipyo ng Maynila kasunod ang pangalang Mel Lopez. At sa kalagitnaan ng pagkukuwento niya't pag-uusisa namin, nawika niyang: "Marami nang nagimbestiga sa akin, kagaya ninyo."

Siya si Gio Cristobal, "Iyo" ang palayaw. Higit na makikilala siya sa paglalarawang ang "taong-grasa" malapit sa Ateneo gradeschool.

Nang magpaalam kami sa kaniya, tumahimik siya at hindi na muling naging palaimik gaya ng naging pakikitungo niya sa amin habang nagtatanong, tila ba nababatid niyang "may kinuha, ninakaw lang kaming sandali sa kaniyang pananahimik."

Marahil naisip niyang aalis na (naman) ang kaniyang mga bisita, kung naituring man kaming ganoon.

Bagay iyon na hindi namin pakay subalit ganoon pa rin ang magiging dating, na maging mga lintang sumisipsip lamang ng impormasyon.

Taong-grasa

Tinatawag na taong-grasa ang kagaya ni Cristobal dahil sa atribusyon sa kanilang pisikal na kaanyuan – marungis ang pananamit at halos nababalutan ng putik, kung hindi man grasa, ang katawan.

May iba-ibang salik na dahilan ng paglagalag ng gaya ni Cristobal at tumira sa kalsada. Maaaring ilan sa mga iyon ang labis na pag-iisip sa problema na hindi nila kinayang dalhin, pagkatakot, pagkaranas ng pang-aabuso o kahirapan na pinilit nilang takasan. Maaaring nakita nila ang potensiyal ng paghulagpos mula sa mga iyon sa pamamagitan ng paglayo, paglihis sa normal na buhay.

Gayumpaman, hindi naman kaagad-agad masasabing wala na sa katinuan ang mga taong-grasa. Sa karanasan ni Jasmine Barbosa, isang





Sa paninirahan sa lansangan, nakakamit ng mga taong-grasa ang kahinahunan at kalayaan.

sikologo at kabilang sa mga kawani ng Jose Fabella Center (JFC) kung saan dinadala ang mga kinukuhang taong-grasa sa lansangan, mayroong mga taong-grasa na nakakausap pa nang matino, na may oryentasyon pa rin sa tamang pag-iisip. Mayroon din sa kanila na sa pagpasok sa tanggapan, hindi kaagad nakakausap, iba-iba ang sinasabi at layo-layo ang mga ideya.

Sa kaso ni Cristobal, may pagka-paulit-ulit man ang kaniyang sinasabi, masasabi namang may oryentasyon pa rin siya sa tamang pag-iisip. Kaya lamang, marahil unti-unti na rin iyong pumapalya. Alam niya kung saan ang lokasyon ng munisipyo ng Maynila, sa pagsasabi ng mga lansangan na malapit doon. Nabanggit niya si Mel Lopez. Sa mga panahong kinakausap namin siya, hindi namin kilala si Lopez, subalit nang saliksikin namin iyon, napag-alaman naming hindi pala iyon likhang isip lamang. Si Lopez pala ang Punong-lungsod ng Maynila sa taong 1988-1992.

Subalit nang tanungin kung ilang taon na siya, 25 anyos pa lamang umano siya, na hindi umaakma sa kaniyang hitsura, isama pa rito ang pagkukuwento niya sa taong dilaw. Manipestasyon iyon ng pagkasira ng isip, kung hindi man ibinunga lamang ng sinadyang paghaharaya.

Ayon kay Barbosa, maaring dahilan ng pagkawala sa katinuan ng tao ang pagkaranas ng tinatawag na psychosocial stress, gaya ng gutom, kung saan nawawalan sila ng oryentasyon hindi lamang sa pangalan ng mga pamilya nila kundi kung saan sila galing, kung paano sila nakaalis sa bahay nila. "Pagdating nila doon [sa Fabella] at napakain sila, bumabalik iyon [katinuan nila].

Gayundin, bunsod marahil ng pagnipis ng linyang naghahati sa kanilang katinuan at kasiraan, ang kawalan nila ng nakakausap. Sa isang impormal na pakikipag-usap kay Pamela Joy Mariano, guro sa Kagawaran ng Pilosopiya, sinusugan niya ang nasabing ideya sa pagsasabing nawawalan ng dignidad ang tao, sa kawalan niya ng nakakaulayaw.

Isa lamang si Cristobal sa marami pang kaso ng mga taong grasa. Nariyan din ang ibang kaso kagaya ng kay Darwin, 17 taong gulang na nakuha ng mga tauhan ng Pangasiwaan sa Kaunlaran ng Kalakhang Maynila (MMDA) sa Cubao at dinala sa JFC nito lamang nakaraang Sabado de Gloria.

Isa si Darwin sa mga taong-grasang nabaliw sanhi ng isa pang salik nito: pagkalulong sa mga ipinagbabawal na substansiya. Isa siya sa mga naituring na psychotic vagrant o iyong mga palaboy na may sira ang ulo. "Sila ang mga kasong tumatagal sa Jose Fabella Center ," saad ni Barmosa.

Ang Istorya ni Darwin

Tubong Aguho, La Union si Darwin. Nakausap namin siya sa JFC, sa gabay ni Marilyn Abuso, isang social worker doon at ni Barbosa. Tinanong namin siya ng ilang personal na bagay at naging karanasan nang maging taong-grasa siya at pinaunlakan naman niya iyon.

Galing ka pang La Union, bakit ka napunta sa Balintawak?

Darwin: Kinuha ako ng kuya ko [panganay].

Bakit ka raw niya kinuha?

Darwin: Para tumulong magtinda ng tuyo.

Nabanggit mo na mabuti naman ang pakikitungo sa iyo ng kapatid mo at ng asawa niya, bakit ka umalis doon, naglayas ka ba?

Darwin: Hindi, sumama ako kay Kulit, iyong kasama kong nagtitinda doon [sa Balintawak]…Namasyal lang kami, tapos nahiwalay ako, nawala siya. Sumakay ako sa bus. Tapos inikot-ikot ako. Tapos, nawala, nawala ako sa sarili ko. Parang nabaliw na [ko].

Sa pagkakatanda mo, mga gaano kaya katagal na ganoon ang kondisyon mo, iyong sinabi mong pagkabaliw mo?

Darwin: Ako? Mga limang araw lang.

Natatandaan mo pa ba nangyari noong panahong nabaliw ka?

Darwin: Kapag dinadalhan ako ng pagkain ayokong kumain…Tapos sinabi sa'kin na nandudura daw ako, nanununtok daw ako, hindi naman.

Sa tingin mo, bakit ka kaya nabaliw?

Darwin: Hindi ko alam kung dahil sa gamot o ako iyon. Dati gumagamit ako ng marijuana. Sa La Union, madalas. Impluwensiya ng barkada. Pero sa alak hindi. [Sa] yosi hindi. [Sa] rugby hindi… masarap iyong marijuana…Ewan ko kung ako iyong nabaliw o iyong gamot.

Anong tumatakbo sa isip mo ng nababaliw ka na?

Darwin: Para akong natatakot. Para akong tinatakot, ganoon.

Kumusta ka rito nang dinala ka ng MMDA?

Darwin: Pinaupo ako sa loob. Naligo ako sa cr, wala akong ibang damit kasi iyong mga damit ko hindi pa nalabhan pero magaganda. Pagkatapos kong maligo, iba na iyong suot ko.

Paano ka kaya nila natulungang bumalik sa normal?

Darwin: Wala, ako din. Hindi sa gamot. Walang pinainom raw na gamot. Kinakausap lang.

Hindi mo alam kung hinanap ka ng kuya mo, pero alam mo iyong lugar sa Balintawak sa palengke. Bakit ayaw mong puntahan?

Darwin: Ayaw akong palabasin. [Ewan kung bakit hindi pa sila nakontak.]

Alam kaya ng pamilya mo sa La Union na nandito ka?

Darwin: Hindi.

Hindi kasi kayo talaga maaring lumabas. Naisip mo nang tumakas?

Darwin: Oo, umakyat na ako ng pader… [at nahuli]. Pinagsabihan lang ako.

Bakit mo gustong umalis dito?

Darwin: Mahirap dito [sa loob]. Parang nakakulong nga kami. Preso na talaga. Mabait naman [iyong mga tao]… Pero balak ko ngang magpadischarge e. Basta maghintay lang daw ako ng tawag nila kapag madidischarge na ako.

Bumalik umano sa normal na pag-iisip si Darwin hindi dahil sa paginom ng gamot, sa halip sa pakikipagusap sa kaniya ng mga tao roon sa JFC. Sa kasalukuyan, hindi pa pinupuntahan ng mga magulang niya o ng kapatid si Darwin sa center.

Nanunulay ang kagaya ni Darwin sa kawalang katiyakan ukol sa kaniyang itinuturing na kalayaan. Hindi niya alam kung anong plano sa kaniya ng naturang tanggapan: kung ililipat siya, pakakawalan o pananatilihin pa sa hindi rin matiyak na katagalan.

Mga ahensiyang namamahala

Ayon kay Maria de Clara de Guzman, Officer-in-Charge sa JFC, isang sentrong diagnostiko ang kanilang tanggapan. Para ito umano sa lahat ng kliyente ng DSWD-NCR, o kaya ng LGU na nangangailangan ng tulong sa mga taong hindi pa nagagawang masuri nang husto ng social workers, gaya ng mga taong-grasa. Dito muna sila inilalagay, at mula roon, susuriin ng mga social worker ang mga pangangailangan ng mga kliyente. Matapos ang pagsusuri, makikipagtulungan ang JFC sa DSWD o sa LGU kung saan maaring dalhing institusyon o tanggapan ang kliyente.

Sa JFC, dumaraan ang mga ipinapasok na kliyente sa ilang proseso. Kung may suliranin sa pag-iisip, ipinadadala muna sila sa mental hospital. Kung wala naman, binibihisan sila ng mga boluntaryo rito, at pinatitira sila sa mismong erya ng JFC. Kung masasaliksik ang pinanggalingan, inihahatid sila ng JFC sa kanilang panirahan. Ang iba naman kapag maayos ang pag-iisip, kusang umuuwi nang mag-isa o naghahanap ng trabaho.

Ginagampanan naman ng tanggapan ng MMDA ang tungkuling paalisin sa kalsada ang mga taong-grasa at dalhin sila sa JFC. Sa isang panayam kay Robert Nacianceno, Pangkalahatang Tagapangasiwa sa MMDA, ibinahagi niya ang misyon ng tanggapan na linisin ang kalsada, at isang paraan doon ang pagkuha sa mga kung tawagin nilang mga "taong-gala" sa Kalakhang Maynila.

Naisalaysay din ni Nacianceno na mayroong mga kaso na nakikita pa ulit nila sa kalsada ang mga nahuli at naipadala na nilang taong-grasa sa tanggapan ng JFC. Dito pumapasok ang kanilang teorya na mayroong mga nakatatakas sa pinagdadalhan nilang sentro.

Aminado naman si De Guzman na mayroon ngang mga nakatatakas subalit natugunan nila ang suliraning iyon sa pamamagitan ng pagtataas sa pader ng bakuran ng JFC at sa pagtatalaga ng sikyu sa lugar.

Sa kabila ng mga pagtakas ng ilan, mayroon din sa mga naipadala sa JFC ang nanatili, gumaling at nagawang manumbalik sa normal na buhay.

Gayumpaman, mayroon ding mga kasong sa pagbabalik nila sa kaniyang pamilya matapos ang paggaling, hindi sila pinapansin at pinababayaan lamang ng mga kasambahay. Sa ganoong pangyayari, maaring bumalik ang kliyente sa estadong nasisiraan.

Pang-unawa

Nailatag sa itaas ang ilan sa mga kuwento ng mga taong nauwi sa paglalagalag: si Cristobal na patuloy pa rin ang pananatili sa kalsada, at si Darwin na naroon sa JFC at umaasang makalabas na.

Samantala, marami pang bilang ng taong-grasa ang ginawang panirahan ang kalsada. Sa bawat pagkuha sa kanila doon ng MMDA at iba pang kinauukulan, maaring napapalitan din ang kanilang bilang ng mga taong nais ding magpakataong-grasa dulot ng kahirapan at problema.

Nariyan ang mga paraang pangrehabilitasyon upang maibalik sa normal na buhay ang katulad nina Cristobal at Darwin. Gayumpaman, nakabitin sa ganoong pagtulong sa kanila ang tanong na: ano na nga ba ang normal para sa kanila? Iyon bang muling pagharap sa problemang tinakasan, o ang kalayaang natatamasa nila sa lansangan?

(Tala ng Patnugot: Ang seksiyong ito ay isang natatanging bahaging nakalaan para sa kontribusyon ng mga mag-aaral, akademiko at mga kawani ng Ateneo. ***Inaanyayahan ang kahit sino man na magpasa.*** *Maaaring ipadala ang kontribusyon sa Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201-202) o i-email sa pamunuan@matanglawin.org)*

Si Tracy at ang Reipikasyon sa Ateneo

ni Gary Devilles
lapat ni Dylan Valerio

> Kahit ano pa ang gawing pangongonsiyensya ng Ateneo sa isang Atenista tulad ng mga ginagawa nila sa exposure trip o Gawad Kalinga, nagiging ispektakulo para sa kaniya ang buhay ng masa...

BAGAMAN NANAHIMIK NA ANG USAPIN hinggil kay Tracy Borres at sa kaniyang nakagugulantang na blog laban sa mga marhinalisadong lipunan ng mga Aeta, umaalingawngaw pa rin ito sa loob ng classroom hindi upang tugisin siya kundi upang ipaalala sa atin kung paano ang kaniyang reaksiyon o saloobin ay bahagi ng isang kalagayan ng pagkatiwalag at lisyang kamalayan. Ibig sabihin, marami ang naglipanang Tracy Borres sa ating panahon at madalas maging tayo ay hindi nalalayo o naiiba sa kaniya. Nariyan ang Malu Fernandez sa kaniyang pandidiri sa mga OFW sa kaniyang artikulong From Boracay to Greece, ang mga manunulat sa mga society pages gaya nina Tim Yap, Maurice Arcache, at Tessa Prieto. At kung tatanawin natin ang kasaysayan, hindi nalalayo riyan si Imelda Marcos sa kaniyang mga party na animo'y parang walang nagugutom sa Filipinas noon. Maaari rin tayong magbasa ng nobela ni Rizal na Noli Me Tangere at isama sa listahan sina Doña Victorina, Doña Consolacion, at Kapitan Tiyago. Sa madaling salita, hindi dapat tayo magtaka kung may Tracy Borres subalit sa isang banda dapat din tayong mag-isip-isip kung paano nalilikha ang isang Tracy Borres. Ito ang dapat turulin ng ating pagmumuni-muni.

Ang batikang kritiko na si Edward Said ay nagbahagi ng kaniyang karanasan tungkol sa isang kaibigang naging kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ng Estados Unidos. Nang dalawin niya ang kaibigan sa kaniyang opisina noong kasagsagan ng digmaan ng US laban sa Vietnam, nakita niya ang nobelang binabasa nito. Sa pagmumuni-muni ni Said, tila ipinahihiwatig ng kaniyang kaibigan na ang isang nagbabasa ng nobela ay hindi isang halimaw, na kahit siya ang nagpapasya na bombahin at patayin ang mga Vietnamese, buo at nanatili pa rin ang kaniyang pagkatao. Ang ganitong kamalayan ang naging paksa ni Said sa kaniyang sanaysay na Secular Criticism. Para kay Said, isang sintomas ito mismo ng pagkatiwalag, kung paano ang pagbabasa ng nobela ay nauuwi lamang sa pribadong libangan at walang kinalaman o malayo sa mga pagpapasyang politikal at panlipunan ng indibidwal man o kolektibo. Muli't muling iginigiit ni Said na ang kritisismo o ang pagbabasa ay isang etikal na proyekto na inuuwi sa iba't ibang aspekto ng ating pamumuhay. Ang pagtalaga sa panitikan bilang isang libangan ay isang ilusyon at pagtakas na gaya ng mga ostrich na sa sandaling makakita ng mga leon ay ibinabaon ang ulo sa buhangin, umaasa na nawala ang lalapang leon sa kaniya.

Ang pagtakas sa mundo ng panitikan at pantasya ay isang historikal na kondisyon ng pagkaalipin na madudukal sa karanasan ng pananakop sa atin. Isa itong estratehiya ng kolonyalismo upang panatilihing mangmang ang sinasakop at yakapin pa nga ng sinasakop ang kaniyang pagkaduhagi. Sa akademya noon, ang pagsulong sa panitikan bilang isang sining na may sariling autonomiya ay may ganitong tukso na kung saan sadyang inilalayo ang mambabasa sa kaniyang realidad at ang kaniyang binabasa ay naganap sa isang ideyal na uniberso. Marami ang nahalina sa ganitong prinsipyo ng pagkatha kung saan ang makata o manunulat ay isang daigdig mismo na may sariling galaw o lohika na hindi kinakailangang sumunod sa lohika at galaw ng kaniyang lipunan. Ang indibidwalidad ay isang imbensyong kinalakal sa panahon ng pananakop ng Amerikano at karanasan natin ng modernidad. Target nito ang isang elite na bahagi ng ating lipunan na walang pakialam sa nakararami at nagbibigay ng rasyonalidad sa kanilang natatanging pag-iral.

Hanggang ngayon, patuloy ang pamamayagpag ng mga elitista. Bago pa man maging isang Atenista, kinakailangan na niyang magbayad ng ₱70,000 kada semestre na ang ibig sabihin kada araw gumagastos siya ng higit kumulang na ₱600, malayong-malayo sa kondisyon ng nakararaming pamilyang Filipino na nabubuhay sa basic salary ng ₱350. Hindi nakapagtataka kung ang isang Atenista ay maharaya sa ideyal na uniberso at maging kataka-taka sa kaniya ang realidad ng masa.

Kapag nag-aral na ang isang Atenista, pupugpugin siya ng mga konsepto gaya ng Significant Human Experience, teolohiyang nakasentro sa Kristiyanismo, kasaysayan sa punto de bista ng mga pari at mananakop, at pilosopiyang hitik sa penomenolohiya at metapisika. Idagdag pa rito ang lalong lumalawak na mga aparato at teknolohiya na nagtatalaga sa indibidwal sa ideyal na uniberso. Hawak niya ang cellphone na sa anumang oras ay maaaring tangayin siya sa iba't ibang dako sa mundo, nariyan din ang kaniyang computer na sa sandaling mag-online siya ay tila nilalaansag niya ang bawat agwat ng panahon at espasyo. Ang resulta ng lahat na ito, isang Atenistang ostrich na sa anumang oras maaari niyang ibaon ang kaniyang ulo sa buhanginan.

Kahit ano pa ang gawing pangongonsiyensya ng Ateneo sa isang Atenista tulad ng mga ginagawa nila sa exposure trip o Gawad Kalinga, nagiging ispektakulo para sa kaniya ang buhay ng masa, gaya ng kaniyang pagtingin sa mga isda sa aquarium. Maaari siyang maawa at magdonate ng ilang kasangkapang kaniyang pinaglumaan o hindi na ginagamit subalit hindi niya uusisain kung ano ang puno't dulo ng di-pagkakapantay-pantay ng tao sa lipunan. Tutulong siya tuwing may sakuna, subalit bibigyang linaw niya ito sa pamamagitan ng feng shui. Kikilalanin niya na may mahirap pero isisisi niya ito sa kanilang kamangmangan sa family planning o kakulangan sa edukasyon. Kapag may nag-rarally, titingnan niya ito bilang sagabal sa trapik. Alam niyang maraming nagnanakaw sa pamahalaan pero pakiramdam niya wala siyang magawa. At kapag tinanong mo siya kung ano ang kaniyang alternatibo ang automatikong sagot niya ay ang mag-retreat sa Tagaytay at magmuni-muni. Lalamunin na ng tsunami ang Filipinas, ang isang Atenista ay haharap sa daluyong at magtatanong sa sarili, "May dagat ba," at sabay kakantahin niya ang awit ni Maureen McGovern na, "there's got to be a morning after…"

Kung nalulunod ang isang Atenista sa kaniyang realidad, ito ay dahil itinuring niya ang sarili bilang isang little mermaid na sa kuwento ay nangarap ng isang prinsipe at ipinagpalit ang kaniyang tinig. Sa bandang huli rin ng kuwento, naging isang bula ang little mermaid. Ganito ang lohikal na kahihinatnan ng isang Atenista kung sakaling makalimutan niya na may tinig siya na hindi kailangang ipagpalit o isugal kundi upang igiit lalong lalo na sa panahong ginigipit siya. Sa halip na ituring ang sarili bilang isang little mermaid at mag-angkop pa ng alamat mula sa Denmark, kailangang matuto ang Atenista sa masa, sa sariling alamat, sa isang popular na fantasy heroine na si Darna. Bagaman bahagi si Darna ng masa, kapag may sakuna kumakain siya ng bato at isinisigaw niya ang kaniyang ngalan o mantra. Mantakin ang hirap na pinagdadaanan ng ating superhero na si Darna, kailangan pang kumain ng bato at sumigaw. Hindi ba ito mismo ang kondisyon ng ating pagkaduhagi at ang posibilidad ng emansipasyon? Kung dadako tayo sa lumang kuwento ng Ibong Adarna, hindi ba ang susi sa pakikinig sa mahiwagang awit ng Piedras Platas ay ang pagsugat at pagpatak ng dayap? Ganito rin ang inaasahan sa isang Atenista kung nais niyang malampasan ang mga obhetibong puwersa na nagtatalaga sa kaniyang reipikasyon. Kailangan niyang makita ang malawak na kolektibo ng kaniyang pagpupunyagi at iuwi ang mga personal na lunggati sa nakahihigit na udyok at puwersa ng kaniyang bayan. Kung magsusulat ang isang Atenista, alam niya na may dimensyong panlipunan ang pagsusulat at hindi lamang ito pribadong fantasya na kahit nakasasakit ka na ay arya ka lang nang arya. Kung magmumuni-muni ang isang Atenista hinggil sa lawak ng karagatan, dapat din iyang turulin ang kondisyon ng sanlaksang mangingisdang nabubuhay sa dagat, kung ibig niyang tawirin ang penomenolohiya tungkol sa pananahan, dapat din niyang mabatid ang milyong Filipino na walang tirahan at iskuwater sa sariling bayan habang ang iilan ay nabubuhay sa mansiyon at ekta-ektaryang lupain. Masakit ang katotohan at walang nagsasabi na madali ang mabuhay. Kailangang harapin ang suliranin at makibahagi sa sanlaksang mamamayang humihingi ng pagbabago. Hindi dapat ibaon ang ulo sa buhanginan.

Si Gary Devilles ay nagtuturo ng panitikan sa Ateneo.



MALAYANG DISKARTE

ni Tinalupang Tupa



Felipe

NI ANDRADE DELICATO

Felipe, nagkaroon ka ba ng
buhay noong iwinagayway
ng iyong mga anak ang
watawat
na pinatakan ng dugong
namumula sa pagmamahal
(O, minamahal na Pater,
Padre Felipe, ipakita mo po
sa amin ang iyong malusog na
ari!) at ng dugong bughaw, mga
anak-anakan ng mga hari at
regina, mga mukhang may isa
pang mukha, lahat nakalingon
sa sarili?
O, Felipe, isa kang lalaki, ano ang
silbi ng iyong tumitibok na ari kung
nawawala ang iyong kabiyak; hindi,
ang iyong kapatid na kanilang
dinakip at binaboy at ginahasa?
(O, mi amore de puta!)
Hindi man lang kayo hinayaang
magsiping, hindi raw iyon tama,
isang malaking kasalanan sa kanilang
mga Barbara santissima, sa mga
Hesus, Maria, at Jose (María,
donde está su leche? Quiero beber!
Quiero chupar!)
At ngayon Felipe, kahit gaano karaming
puke ang iyong tikman, hinding-hindi
mo makakamit
ang Saint-Graal,
ang sinapupunan,
ang kapangyarihan ng Hokmah,
ang anak
ng isang Inang Bayan.

Rehas

NI MOREEN NAPUTO

Narito ako ngunit nilulusot mo ang iyong kamay
sa aking pagi-pagitan, para sa dakong
pilit mong inaabot.

Sa bawat paglapit mo, naaaninag ko ang aking anino
sa iyong pisngi. Humahagod ang iyong
palad at naiibsan ang lamig.

Inaapuhap mo ako para sa espasyong
wala sa akin. Sa kabila ng mariin mong kapit,
lumalagpas ang iyong tingin.

May Pihitan ang Tao I

NI JED ELROY RENDOR

Lahat kaming
narito'y
pawang buhay

at naghihintay
sa paggalaw
at sa pag-usad

ng sasakyan
sa harap. At naghihintay
sa susunod na darating

na tren – na kay kupad
sa pag-alpas.
Mas matinong maglakad (minsan)

kahit mausok ang daan
at maaaring punuin
ng bituin ang lansangan
– kahit anong oras –

pagkat pawang nagsilaglagan
na ang lahat ng maaaring
mayapos ng Kaniyang kamay

na punong-puno ng pagmamahal.
May kuwento ang bawat
nakangangang bibig

na naghihintay
sa grasya ng ulan
na maalat na

dahil kalaban
natin ang oras.

Kakampi
at kalaban
ang oras.

matapos ng pawis, pait

NI RAIAN RAZAL


at hindi man lamang
natikman ang katamisan
ng langit.

at wala ring kapalit ang lahat
ng ibinuhos kundi masakit
na mga tingin.

at walang sukli bagamat buong pusong
ibinigay ang aking kalahatan,
inyo palang susugatan.

at ang ibibigay ay isa na lamang pilat-
na walang makalilinis
kahit ang makapangyarihang kamay.

at iidlip na lamang sa gabing
naghahangad ng katahimikan-
sa panaginip naman pala'y kaapihan.




www.matanglawin.org